Isang Bilanggo

. . .dito muli, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, at ang marinig ang dakila at makapangyarihang mga gawa na Iyong ginawa, noon. At ngayon kami po ay tumatayo nang may pag-aasam, itinataas ang aming pananampalataya at pinapahiran kami, para makasampalataya na anumang bagay na hiling sa gabing ito ay maipagkaloob. Iyo pong nakikilala ang bawat isa sa kanila't lahat sila, lahat ng idinudulog nila. At amin pong idinadalangin sila, lalong-lalo na po, Panginoon, sa kanila na nasa bingit na halos ng kamatayan. Iyo pong pagkalooban ng kapayapaan ang kanilang puso kung wala pa ito. Magbunsod ng kagalingan sa kanilang katawan. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

2 Iyo pong pagpalain ang aming pagbubuklod. Aming—aming idinadalangin, Panginoon, na ang Miyerkules ng gabing ito ng pagtitipon para sa pananalangin, ay, sa aming pagkakatipon, yamang nababatid namin na kung saan may dalawa o higit na nagkakatipon nang magkakasama, Ikaw nga'y sumasa amin. At hinihiling namin sa Iyo, Panginoon, na ipagkaloob sa amin ang Iyo pong Salita sa gabing ito. Ikaw nga'y mangusap sa amin, Panginoon, at pag-alabin ang aming mga puso, nang kakaibang pag-alab, nang sa gayon malaman namin kung paano namin didisiplinahin ang aming mga sarili para sa dakilang oras na parating, dahil naniniwala po kami na kami'y nalalapit na sa Pagparito ng Panginoon.

3 Pinasasalamatan Ka namin para sa mga taong ito ngayon na nagsisimula nang magpahalaga sa pananampalataya, at may kabatiran na kung gaanong kahalaga ang pananampalataya. At sa pagkabatid, ay amin ngang pinasasalamatan Ka para sa mga gawaing parating, nananampalataya na Ikaw nga'y may bagay na ipangyayari. Panginoon, kami po'y naghihintay ng may pag-aasam, gaya noon sa panahong una, nananampalataya na ang panahon ay malapit na talaga kung kailan Iyong bubuksan ang mga durungawan ng Langit at ibubuhos ang mga pangako na ipinangako ng Diyos sa huling araw na ito.

4 Ngayon nagsusumamo po kami sa Iyo, Panginoon, na—na sumalahat, sa buong palibot sa mga bansa, yamang ngayon ay narinig namin na marami po sa buong palibot, lahat ng lugar, ang nangangailangan. Iyo pong ipagkaloob ang mga hiling nila, Panginoon. At dalangin namin na makita ang dakilang kamay ng Diyos na kumikilos sa buong panig ng mundo sa gitna nila na mga naghahanap sa dakilang bagay na ito.

5 Iyo pong patawarin kami sa pagkakasala namin. Iyo pong iwasto kami, Panginoon, ng Iyong Espiritu at Iyong Salita,

nang sa gayon ay madisiplina namin ang aming mga sarili, na maging masunuring mga lingkod, masunuring mga lingkod sa kalooban ng Diyos. Iyo pong ipaalala sa amin, at masiguro na mapagbubulay namin sa aming mga puso, ang mga bagay na ginawa ng mga Cristiano nung panahong una. Kung ano bang klase ng mga tao sila na makakatagpo namin kung amin nang makakatagpo sila na may personal na pakikipag-ugnay sa Iyo noon. Kung paano bang ang mga mukha nila'y nagliliwanag sa pananampalataya at kagalakan. Kung paanong ang mga buhay nila ay buhay na Salita talaga ng Diyos, na sadyang "mga sulat na nasusulat na binabasa ng lahat ng mga tao," sa tuwing sila ay lalakad dun kasama at sa gitna ng mga tao. Diyos, Iyo pong ipagkaloob ito muli.

6 Nawa ang aming mga buhay ay talagang lubos na naisuko na sa Iyo, na ang Espiritu Santo na Mismo ang nabubuhay sa amin, at nangungusap sa pamamagitan namin, Panginoon. Nawa po'y mapaalaala sa amin, sa aming mga diwa, na sa paglakad namin sa lansangan at nakakasalamuha namin ang mga narito sa sanlibutan, ay di dapat kami maging tulad nila. At kami nga'y gigilid sa tabi at ipauubaya sa kanila ang lugar, Panginoon, sa nararapat nilang posisyon dito sa lupa. Na mauupo kami sa likurang upuan, yamang nalalaman namin na kami'y mga kinatawan mula sa ibang daigdig. May Kaharian kami na papaluklok na sa kapangyarihan, Panginoon. At ang aming dakilang Hari'y paparating na at isasailalim ang lahat ng mga kaharian sa ilalim ng Kanyang nasasakupan. At Siya'y mamamahala at maghahari; kasama Siya rito sa lupa, nang sampung libong taon, at mapapasa Kanya magpakailanman.

7 Habang isinasadiwa namin ito, Panginoon, ngayon nga'y tumutuon kami sa katugunan ng aming panalangin. Tumutuon kami sa aming pagpapahayag ng sala. Kung may mga bagay na nagawa kami, nasabing mga bagay, o naisip na anong bagay, na salungat sa dakila Mong kalooban, ay itulot nawa kami na malinisan ng Dugo ni Jesus Cristo.

8 Iyo pong pangunahan kami, Panginoon, gaya ng nabanggit ng kapatid na babae ngayong gabi, tungkol sa pagpunta niya at ng asawa niyang lalaki sa Chicago. Iyo pong pangunahan sila, Panginoong Diyos, sa dako na Iyo po silang magagamit, nang sa gayon sila'y maging mga sinag ng liwanag sa ibang tao na nangangapa sa dilim, na mga di pa nakakakilala sa Panginoong Jesus. Ngayon itinatagubilin namin ang gawain na ito sa Iyo, at makikinig kami sa Iyong Salita na nagtutuwid, para malaman namin kung paano kami maghahanda sa dakilang oras na ito, sa Pangalan ni Jesus ay amin itong hinihiling. Amen.

[Blangkong bahagi sa teyp. Mayroong sinasabi si Kapatid na Neville—Pat.]

Pagpalain ka ng Diyos. Salamat, kapatid.

9 Medyo hindi ko po inaasahan ito. Ako nga po, kung nasa bahay lang ako, kung wala naman akong kailangang puntahan, na mahalaga't biglaan, mababagabag ako nang husto, kung mauupo lang ako dun sa bahay at hindi pupunta sa pagtitipon para sa pananalangin. At 'yung pag-uwi ko po, ay di inaasahan, sa sarili ko man, o maging sa pamilya ko. Kararating ko lang at agad na uli akong umalis. At kaya ang sabi ko, "Pupunta ako sa pagtitipon para sa pananalangin." At wala nang oras ang maybahay ko na makapaghanda para dumalo, haya't hindi niya alam na papauwi na pala ako.

10 Haya't natutuwa ako na marinig ang patotoo ng kapatid na babae riyan, kapatid na lalaki, tungkol dun sa Liwanag doon sa South Carolina o North Carolina, kung saan bang dako 'yun. Greenville, po ba? [Sinasabi ng isang kapatid na babae, "Hindi po. Southern Pines."—Pat.] Southern Pines. Dun pala.

11 Si Kapatid na Lee Vayle ay naparito po pala ngayon. Siya nga'y binautismuhan ko, ngayong araw na ito, sa gawain sa pagbabautismo ngayong araw na ito. Kilala n'yo naman po si Kapatid na Lee Vayle, at ang mga ibang ministro rito, Kapatid na Parker Thomas. Mayroon po noong . . .

12 Naalala ko nung—nung isang beses, isang kapatid na babae rito ang nililiman. Isa nga 'yung dakilang patunay, kapatid na babae, sa kung anong . . . Ang Espiritu Santo po kung minsan ay isinasalang tayo at sinusubok ang pananampalataya natin, para makita 'yung . . . at susubukin din 'yung pananampalataya ng iba. Minsan kasi kung may bagay ka na tinitingnan nang diretso, at makikita mo ang bagay na ito, at sasabihin mo ang tungkol dito; titingnan 'yun ng iba at hindi nila 'yun makikita, sasabihin pa nila na wala naman daw. Kita n'yo? Pero nandun naman talaga 'yun.

13 Ngayon, wala po ni isa ang nakakita dun sa Liwanag na nakalutang sa ibabaw ni Pablo noon, pero naroon nga Ito. Wala maski isa ang nakakita dun sa kalapati na bumababa mula sa Langit, sa Liwanag, sa anyong 'yun, at pumaibabaw kay Jesus, maliban kay Juan mismo. Pero naroon nga Ito. Kita n'yo?

14 At mangyari nga, pagkatapos, noong sabihin ko sa mga tao ang tungkol dito sa Liwanag na ito na parang Haliging Apoy, wala pong gustong maniwala. Pero ngayon 'yung mekanikal na lente na mismo ng kamera ang siyang kumilala Roon, na tunay na bumaba talaga Ito.

At ang masamang espiritu ay madilim.

15 Tulad nga ng buhay natin, mga anino tayo. At tayo . . . Kung liwanag nga tayo, na kung ang mga buhay natin ay nakalakip sa Liwanag na napapanahon, tayo'y lumalakad sa Liwanag.

16 Katulad nga ito dun sa titingin ka sa labas at sasabihin, "Nakikita ko ang araw," sa umaga. Makikita mo—makikita mo

'yung anino nung araw. Yun 'yung pagpapaaninag nung araw. Hindi 'yun 'yung araw, mismo, pero patunay nga 'yun na may araw talaga. Pinapatunayan nun na may araw talaga.

17 At ngayon kung titingin ako, kagaya ng pagkakaupo n'yo riyan, nagpapaypay, nagsasalita, ibig sabihin nga n'yan buhay kayo, pero anino lamang ito ng buhay.

18 Dahil, anumang bagay ay kinakailangang may kadiliman na nakalakip, para makagawa ng anino. Kita n'yo? Dahil, ang isang anino ay kinakailangang magtaglay ng ganoon na lamang karaming kadiliman at ganoon na lamang karaming liwanag, para makagawa ng anino. At di ito puwedeng basta kadiliman na lang lahat, at di rin ito puwedeng basta liwanag na lang lahat. Kung kadiliman lahat, talagang madilim. Kung liwanag lahat, walang anino, wala kasing paraan para makagawa ng anino. Pero kung ito nga'y magkahalong kadiliman at liwanag, gagawa ito ng anino.

19 Kaya ang totoo n'yan tayo'y mga anino ng liwanag. Ngayon kayo nga'y nagpapaaninag ng isang buhay na nagmumula sa isang dako. Kung isa ka't, isang Cristiano, na isang aninong maituturing, patunay lang 'yan na may Buhay sa isang dako na hindi ka mamamatay, dahil nga ang buhay dito ay may kalakip na kamatayan. Kita n'yo? Pero isa nga itong anino, dahil isa kang may buhay, gumagalaw na nilalang na may kakayahang makakita, makapag-isip, gumalaw, at magsalita, at may limang pandama ng katawan. Pero gaya nga ng nalalaman n'yo, sila, sila'y namamatay. At napakaraming kaguluhan. Alam n'yo, ito nga'y maitutuing na . . .Isa itong pagpapaaninag, kita n'yo, na may buhay at kamatayan na magkalakip na magkasama.

20 Ang pisikal nga'y mamamatay at mamamatay talaga. Pero kung pinapaaninag mo, sa mortal mong buhay na 'yan, ang Liwanag ng Langit, kung ganun pinapaaninag mo ang Walang Hanggang Buhay, ang Diyos. Kaya sa oras na mamatay ka, wala ka ngang ibang pupuntahan kundi 'yung Liwanag na 'yun, dahil Iyon ang pinapaaninag mo.

21 Kung ikaw nama'y buhat sa madilim na daigdig, 'yun ang ipaaaninag mo, at ang gagawin mo, ang pupuntahan mo'y wala nang iba kundi dun sa kadiliman. Kita n'yo? Hayan nga't nasa pagpapaaninag tayo. Kaya, makikita natin na kung papaanong mayroong Espiritu Santo talaga na nagpapaaninag ng Liwanag at Buhay, pinapaaninag naman ng kamatayan ang kadiliman.

22 At heto nga ang dalawang ito rito. Buk-. . .Sa katapusan ng sanglinggong ito, siguro sa Linggo, 'yung maliit na litratong 'yun ay pagagawan namin ng kopya na malaki ang sukat, para mailagay diyan sa paskilan.

23 Diyan nga, namin isasabit 'yung litrato *n'yo* sa paskilan. Di ko po alam kung madaling mapapansin 'yun diyan, o hindi. At pagkatapos . . .

At heto nga't isang linggo ang nakararaan, sa—sa Jamaica, kung saan ako nagmimisyon. . . Nagpapadala kami ng mga teyp sa iba't ibang panig ng mundo. At 'yung *Pitong Tatak* po ay nakaabot na rin. . . sa mismong looban ng Jamaica, sa liblib mismo. At sinaunang-sinauna ang dating ng dakong 'yun, nasa likod talaga ng Blue Mountain. At 'yung mga tubong taga-roon, minsan, may—may teyp rekorder sila dun na inilaan namin sa kanila, na kinakailangan na—na, katulad nga dun sa lumang Victrola, kailangang pihitin 'yun, at pagkatapos ay hahayaan—hahayaan n'yo lang 'yung umikot nang paganoon. Pagkatapos, maya't maya, ay may dapat pumihit dun.

24 Itong maliit na grupong ito ay may—may maliit na baterya, anim na boltaheng baterya, o parang ganoon, na nagpapagana dun sa teyp rekorder. At sila—sila nga'y sama-samang nakaupo dun, parang ganito rin po sa ginagawa natin dito ngayong gabi, pinapakinggan 'yung *Mga Tatak*, sa palagay ko'y 'yun nga. At habang nagsasalita ako, napansin nila, na may lumitaw dun sa silid, lumitaw 'yung siya ring Haliging Apoy, nagpunta dun sa ibabaw mismo kung saan nakapatong 'yung teyp rekorder at pumirmi sa ibabaw nun. At kaya naman kumuha agad sila ng kamera at kinuhanan nila Iyon ng litrato. At 'yun na 'yun din Iyon, 'yun talaga Iyon, nakalutang mismo dun sa ibabaw nun. Ngayon pagagawan namin 'yun ng malaking kopya, para mailagay namin 'yun diyan sa—sa paskilan diyan sa tabi, para makita n'yo.

25 Kami nga'y lubos-lubos na lamang ang pasasalamat dahil sa biyaya ng Diyos na inihatid sa ating. . . sa atin sa Kanyang Presensya sa panahon na ito. Ngayon kami nga'y lubos-lubos ang pasasalamat para sa maraming mga bagay.

26 Ngayon sa palagay ko'y may hahanapin lang po ako rito at titingnan ko kung may mahahanap ako rito na ilang, ilang mga tala o parang ganun, marahil nandito pa 'yung naipangusap ko. O, para mapagkuhanan natin ng—ng. . . May teksto ako rito na naisulat, heto po, dito sa likod ng aklat. Kung makita ko 'yung isang 'yun dito, marahil bibigyan ako ng Panginoon ng isang bagay na maipapangusap ko tungkol sa bagay na 'yun, habang mananalangin tayo.

Ngayon, tayo'y may malaking pag-aasam para sa Linggo.

27 Lagi kong nababanggit sa mga Mensahe. At, noong Linggo, napatagal ko kayo ng mahabang oras, sa, "Bakit ka humihibik sa Akin? Magsalita ka sa mga tao at sumulong."

28 Ngayon, sa Linggo na po ang gawaing pagpapagaling kung saan ang mga maysakit ay ipapanalangin. Ngayon, sa tuwing lalapit ka sa piling ng mga maysakit, haya't mayroong dahilan kung bakit ang mga maysakit, kapag ipinapanalangin natin sila, kung bakit kaya hindi sila gumagaling. At nais ko, kung loobin ng Panginoon, maiksing pangangaral lang sa Linggo ng

umaga, rin. Kaya, magdaraos ako ng gawaing pagpapagaling, at mananalangin para sa lahat ng tao. At si Billy Paul o ang ilan sa kanila ay paparito ng Linggo ng umaga, mga bandang alas otso, kapag nagbukas na ang simbahan, para mamigay ng mga card sa mga tao sa pagpasok nila sa pintuan, o sa oras na pumasok na sila.

29 At ngayon, heto nga, sisikapin ko po, naniniwala po ako na may ibinigay sa akin ang Panginoon na kaunting kaunawaan tungkol sa mga kadahilanan kung bakit may mga taong hindi gumagaling. At ako'y—ako'y naniniwala na dahil po ito sa kakulangan sa kaunawaan. At ako'y—ako'y naniniwala, siguro, mangungusap tayo tungkol diyan, sa Linggo ng umaga, loobin ng Panginoon.

30 Ngayon, ang gawain ng pagtitipon para sa pananalangin sa Miyerkules ng gabi ay magiging maiksing pagtitipon lamang kung saan magtitipun-tipon tayo at mananalangin, gaya ng lagi na nating ginagawa, at makikipagbuklod sa isa't isa.

31 Minsan, naniniwala ako—naniniwala ako na isa sa pinaka malaking bagay na napapansin ko sa panahon ngayon, ay 'yung kakulangan ng sinseridad sa bagay na sinasampalatayanan natin. Kita n'yo? Kita n'yo? Kung ang Diyos, sa mga panahon noon ni John Wesley, ay nagpangyari sa mga panahon noon ng gayon ding bagay sa ipinangyayari Niya ngayon, ano marahil kung 'yun din ang nangyari; dun sa panahon ni Martin Luther, o sa iba pa? Gaya ng nakikita natin na ipinangyayari Niya sa ngayon, na kapwa pinatunayan sa pamamagitan ng Iglesya, sa pamamagitan ng Espiritu, at sa pamamagitan ng siyensiya, at bawat pagkilos, 'yung—'yung—'yung pagkakapareho nun ay napagkikilala. At heto ang Salita ng Diyos na ipinapahayag na Ito at sinasaysay na Ito bago pa man Ito mangyari. At tapos kikilos, at magpropropesiya, at ipapakita 'yung mismong bagay na Kanyang sinasabi, na nangyayari't nangyayari nang ganap, eksakto sa pagkakasabi. At sa kabila nun ay nananatili pa rin tayong nagpapahapay-hapay, na parang nag-aalangan pa tayo. "Buweno, ano kaya't eepekto kaya ito sa akin? Ano kaya't eepekto kaya ito sa—sa iglesya, sa kabuoan? O—o, ano kaya't kasama kaya ako Rito?" Sa palagay ko, sa darating na Linggo ng umaga, sisikapin ko pong makapangusap tungkol sa mga panuntunang ito na marahil makapagbibigay kaliwanagan sa atin nang kaunti.

32 Ngayon, sa gabing ito, may bagay akong nakita po rito, sa pagbuklat ko rito, nung bago pa ako magpunta rito. Naisip ko kasi, "Ano kaya kung sabihin sa akin ni Kapatid na Neville, kung dadalo nga ako roon, ano kaya kung sabihin niya, 'Ikaw ngayon ang tumayo at mangusap,' at uupo lang siya?" Kita n'yo? Naisip ko tuloy, "Mabuti na sigurong maglista ako rito ng ilang mga

Kasulatan." Dahil, alam ko, na siya, siya'y tunay na kalugud-lugod na kapatid, at ating—ating ikinalulugod siya.

33 Bago natin ipanalangin ang Salita, nais ko pong kilalanin ang isang—isang kapatid na lalaki rito. Hindi ko po masabi ang pangalan niya sa oras na ito, dalawa po sila. Nandito po sila, mga kaibigan ko. Ang . . . Sila'y mga ministro't ebanghelista, sa iba't ibang dako, humahayo. Napakinggan po nila itong mga Mensahe sa pamamagitan ng teyp. At mula sila sa magkaibang iglesyang denominasyon, ito pong dalawang kabinataang ito. At 'yung isang lalaki'y talaga namang, 'yung isa sa kanila'y ganoon na lamang kainteresado, na sinadya pa niyang lumipad, pa-Tucson, nito-nito lang, para makipagkita dun sa gawain. Sa palagay ko nasa Business Men's Breakfast ako noon. At itong binata, kabinataan pang lalaki, sumadya nga siya roon. At siya po'y . . .

34 Taga-Kansas pa sila. At sila'y sumadya pa talaga rito para maikasal ko. Ikinatutuwa ko 'yun. Ang isipin na may mga tao pala na naniniwala sa pananalangin mo, nang ganung kasapat, naniniwala na diringgin ng Diyos at tutugunin; mga kabataan pa na nagsisimula sa buhay, gaya nito. At nung makapunta na nga sila rito para maikasal ko sila, kahapon, nalaman po nila na pinag-uutos pala rito ng batas ng estado ng Indiana, na kahit nagpasuri na sila ng kanilang dugo, kinakailangan pa rin nilang maghintay dito sa estado, nang tatlong araw, bago sila maikasal. Kaya, di pa sila puwedeng maikasal at sa Biyernes pa ng umaga.

35 At hinihiling ko sa kapatid na lalaki diyan sa likod, kung puwede sana siyang tumayo at ipakilala sa atin kung sino siya, at ang kanyang kalugud-lugod na kasintahang babae diyan, at 'yung isa pang kapatid na lalaki sa tabi.

36 [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Salamat po, Kapatid na Branham. Isang pribilehiyo ang makadako rito. At ako po si Kapatid na Roger O'Neil, nakatira sa Kansas, humahayo sa iba't ibang dako, bilang isang ebanghelista, ipinamamalita na, 'si Jesus ay nagliligtas, nagpapagaling, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus . . .?. . .' Lagi kong dala . . .?. . . Ito po pala ang aking kasintahan, na si Patricia Brown. Kami po'y ikakasal na, sa Biyernes. Ito naman po ang kasamahan kong ebanghelista't kapwa manggagawa, si Kapatid na Ronnie Hunt, na nakaupo diyan sa dulo. At ito naman ang kasintahan niya, na si Carol . . .?. . . At ikinagagalak po namin na makadalo rito sa gabing ito."—Pat.]

37 Salamat, na marami. Tunay na nag-aasam tayo para sa mga kabataang kinatawan na ito, sa gawain ng Panginoong Jesus, ng mga biyaya ng Diyos, para payabungin sila sa pagtahak nila sa kani-kanilang daan. At heto nga po't binubulay ko, habang hinihintay ang Pagparito ng Panginoon, at ang makita ang mga kabataang lalaki't kabataang babaing ito na may paglalayon sa puso, na maglingkod kay Cristo, nagagalak po ako sa ganun,

kita n'yo, ang makita na naninindigan sila gaya nito. Pagpalain kayo ng Panginoon, nang sagana, kapatid kong lalaki, kapatid na babae.

38 Ngayon tayo po'y bumuklat na sa isang munting Aklat dito na hindi pa ako nakakapangusap tungkol dito noon, sa buong buhay ko. At isa lamang itong . . . Iisang kabanata lang po, ang Aklat ni Filemon. At isa po itong . . .

39 At may pagka-Irlandes po ako, at may—at may bakal din po ako rito sa ngipin ko sa ibaba, para panatilihin sila sa lugar. Ako, ako, kaya nga po kapag minsan hindi ko nabibigkas nang tama ang mga pangalang narito, kahit na alam ko kung paano sila bigkasin. At kung minsan naman ay di ko talaga mabigkas ang mga ito nang tama, dahil sa kakulangan ko ng edukasyon. Kaya, "Filemon" pala dapat, may nakapagsabi diyan sa likod, na sa tingin ko ay 'yung tamang bigkas nga para rito.

40 Ngayon, sa unang talata, nais ko lang pong kumuha ng isa o dalawang salita mula rito.

Si Pablo, na isang bilanggo ni Jesus Cristo, . . .

41 At 'yan po ang nais kong gamitin para sa gabing ito, bilang teksto, kung loobin ng Panginoon, itong: *Isang Bilanggo*.

42 Ngayon, di n'yo nga lubos maiisip na si Pablo'y ituturing niya ang kanyang sarili na isang bilanggo. Isa siyang lalaking ipinanganak na malaya, puspos ng Espiritu Santo, pero sa kabila nun ay itinuring niya ang sarili na "isang bilanggo."

43 At ngayon nakita naman natin, na nung batiin niya sa sulat ang mga taga-Corinto ay, "Si Pablo, na isang apostol ni Jesus Cristo." Sa iba naman nung isang beses, "Si Pablo, na alipin ni Jesus Cristo sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos," nung nangungusap siya kay Timoteo, iba't iba po. Ngayon nung sumulat naman siya rito kay Filemon, ang sabi niya, "Si Pablo, na isang bilanggo ni Jesus Cristo." "Si Pablo, na isang apostol," sa isang gabi'y gusto kong mangaral tungkol diyan. "Si Pablo, na isang—isang alipin," naipangaral na natin 'yan. At ngayon, "Si Pablo, na isang bilanggo."

44 Pero, sa gabing ito, mangyari kasing gugugol ng ilang oras para maipangaral ang bawat isa sa mga paksang ito, kaya nais kong tumalakay ng isa lang, para sa gabing ito, "Si Pablo, na isang bilanggo," at kukunin kong paksa itong: *Isang Bilanggo*.

Ngayon atin nang iyuko ang ating mga ulo pansumandali.

45 Panginoong Jesus, kahit sino namang tao, na sa pisikal ay may kakayahan, ay magagawa nga niyang buklat-buklatin ang mga pahina ng Bibliang ito, pero tanging ang Espiritu Santo lamang ang makapagpapaliwanag Nito sa kaliwanagan na ibig talaga nitong pakahulugan. Hinihiling po namin sa Kanya na pumarito ngayon at tulungan kami na maunawaan kung ano ba talaga ito, na tinutukoy, ng dakila't, kahanga-hangang propeta,

na si Pablo, na sa kabila nun ay itinuring niya ang kanyang sarili na "isang bilanggo." Nawa'y ihayag po ito sa amin ng Espiritu Santo habang amin po Siyang hinihintay, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

46 Ngayon nakikinita ko po, si Pablo, habang isinusulat niya itong liham na ito kay Filemon, kung paanong nakaupo siya dun sa loob ng bilangguan, dun sa pinaka ilalim na kulungan nung siyudad na 'yun, na isang—isang—isang bilanggo. At siya mismo'y alam na alam niya, dahil sa kalagayang kinalagyan niya kung anong ibig sabihin nung salitang 'yun. Siya nga'y napaligiran dun ng—ng—ng mga rehas. Maaari lang siyang—lang siyang mapalaya kung may taong magpapalaya sa kanya. At kaya sa ganun ay nalaman niya kung anong pakiramdam na maging isang bilanggo. At sa kabila nun, heto po, naniniwala ako na 'yung—'yung apostol ay may ibang gustong sabihin . . . di 'yung mismong kalagayan niya sa loob sa mga oras na 'yun ang tinutukoy niya, na isang bilanggo na ang kanyang—kanyang pisikal na kalagayan ay nakaupo roon sa loob ng—sa loob ng bilangguan na 'yun. Kundi naniniwala ako na ang tinutukoy niya rito ay 'yung kanyang—kanyang kalagayan, sa kanyang—kanyang—kanyang espiritu, kanyang panloob, na bilanggo ni Jesus Cristo.

47 Ngayon, lahat po tayo'y ipinanganak, na isang kaluluwang may malayang pagpili, para makagawa ng kahit anong pasya na naisin natin. Makatuwiran nga ang ginawang 'yan ng Diyos. Dahil, kinakailangan Niya talagang ilagay ang bawat tao sa siya ring parehong batayan, o kung hindi'y inilagay Niya 'yung maling tao . . . inilagay Niya 'yung unang tao sa maling batayan, na anupa't naglagay Siya ng malayang pagpapasya sa tao. Kita n'yo? Kaya naman tayo'y saktong-sakto, sa gabing ito, na katulad nina Adan at Eba. Walang pagkakaiba. Ang tama't mali'y inilagay sa mismong harapan ng sinuman sa atin. Buhay at kamatayan, tayo ang pipili; nasa inyo 'yan, ang pagpapasya. Kita n'yo?

48 Ganoon nga ang pinagawa kina Adan at Eba, at, kita n'yo, at—at nagkamali nga sila ng pinili. At kaya naman, dahil dun, nasuplong ang buong salinlahi, buong sangkatauhan, sa ilalim ng kamatayan, sa parusang kamatayan.

49 At pagkatapos bumaba ang Diyos sa anyo ng tao at kinuha ang kamatayan, at nagbayad sa parusang kamatayan, nang sa gayon . . . ang Kanyang mga nasasakupan na naghahangad na—na maging malaya ay magiging malaya.

50 Ngayon, kung basta na lang Niya tayo sasagipin, na iba sa ginawa Niya kina Adan at Eba, basta na lang tayo sasagipin sa kung anong batayan, sasabihin, "Ililigtas ko kayo maski naisin n'yo man na maligtas o hindi," kung ganoon ay inilagay Niya sina Adan at Eba sa—sa maling batayan, kita n'yo. Pero hayan

nga't ang bawat isa sa atin ay kinakailangan talagang pumili, maski sa araw na ito, sa pagitan ng kamatayan at buhay. Yun ang pinagagawa sa atin.

51 At gaya ng kababanggit ko lang, kung mapapatunayan ng liwanag mo, buhay mo mismo ang magpapatunay kung sa aling panig ka nabibilang. Hindi ko alintana kung saan mang panig ang sinasabi n'yong kabilang kayo. Yung kilos mo mismo, sa araw-araw, ang magpapatunay kung ano ka nga. Narinig n'yo na 'yung lumang kasabihan, "Sa lakas ng ingay ng buhay mo, hindi ko marinig ang mga patotoo mo." Kita n'yo? Yung—'yung mga kilos n'yo ay mas malakas na pagpapatunay.

52 Ako nga'y kahit noon pa man ay naniniwala sa pagsigaw at pagtalon. Pero gaya nga ng palagi ko nang sinasabi, "Huwag kayong tumalon nang mas mataas pa sa ipinamumuhay n'yo,' dahil makikita't makikita 'yan ng mundo." Kita n'yo? Dapat ang talon n'yo ay singtaas ng ipinamumuhay n'yo, para, dahil may mga nakamasid sa inyo. At ngayon kapag . . .

53 May mga tao nga na di na nagsisimba. Sila—sila, marami sa kanila, ang di na talaga nagsisimba. At ang ilan sa kanila, na di na nagsisimba, ay mga sinserong tao rin naman. Marami silang nakikitang kabulukan sa loob ng simbahan, na nagdudulot sa kanila na ayaw na nilang magkaroon ng kaugnayan dun. At sa maraming pagkakataon, nasasabi nating hindi maganda 'yung ganung kaisipan nila, pero di mo rin naman sila masisi, kita n'yo, dahil sa—sa kilos din ng mga tao mismo. Na tinatawag ang mga sarili nila na Cristiano raw. Sila ang pinakamalaking katitisuran sa mundo, ito ngang lalaki't babae na nag-aangking Cristiano raw, at ang pamumuhay naman ay iba sa inaangkin nila. Siyanga.

54 Ngayon, kaya naman magkakaroon ng malaking kabiguan sa Paghatol. Ngayon, 'yung makasalanan, 'yung manginginom, 'yung sugarol, 'yung nangangalunya, siya nga—siya nga'y hindi mabibigo marinig man niya 'yung babasahing sintensya sa kanya na, "Magsiparoon kayo sa apoy na walang katapusan." Hindi nga siya makakaramdam ng pagkabigo. Pero 'yung tao na pilit itinatago ang kanyang sarili sa likod ng kung anong maka-iglesyang pagpapahayag, siya nga 'yung makakaramdan ng malaking kabiguan sa Araw ng Paghatol. Kita n'yo? Yung mismong 'yun na nag-aangking Cristiano raw, at iba naman ang ipinamumuhay. Mas mabuti na lang sana kung di na siya gumawa ng ganung pagpapahayag, simula't sapul, kaysa sa nagpahayag pa siya at iba naman ang pamumuhay. Dahil, siya ang pinakamalaking katitisuran na mayroon tayo, ito ngang nag-aangkin na sinasabi niyang isa raw siyang—siyang—siyang Cristiano, at iba naman ang ipinamumuhay.

55 Sa tuwina, ay huwag mong gawing pamantayan ng buhay mo 'yung kung gaanong higit na kapangyarihan ang mayroon

ka na nakakagawa ka ng mga himala. At huwag nating gawing pamantayan ng sarili natin 'yung kung gaano bang karaming karunungan ang nalalaman mo tungkol sa Salita. Bagkus sa tuwina'y gawin mong pamantayan ng sarili mo, na siyasatin mo at mag-imbentaryo ka kung ano nga bang klaseng bunga 'yang ipinamumunga ng buhay na iyong ipinamumuhay ngayon. Kita n'yo?

56 Gaya nga nung ipinangaral ko noon, sa isang pagtitipon ng mga kalalakihan sa pagnenegosyo sa Phoenix, Arizona, tungkol sa isinasalamin si Jesus, isinasalamin ang Buhay Cristiano. Sabi ko ako'y ipinanganak sa Kentucky, kung saan sinauna ang pamumuhay dun, lalo na nung bata pa ako. At may maliit na batang lalaki nga roon na wala siya dung—dung—dung—dung bahay na kagaya ng mayroon tayo rito, kung saan maraming mga naggagandahang mga kababaihan ang nakakapanalamin, sa buong sulok ng bahay, para mapanatili nilang maayos ang buhok nila, at kung anu-ano pa. Haya't ang mayroon lang siya dun ay isang napakaliit na salamin, isang maliit na pirasong salamin na nakakabit sa isang puno sa labas, kung saan naroon 'yung mesang hilamusan, kung saan naghihilamos ang kanyang nanay at tatay, at sinusuklay nila ang buhok nila, at kung anu-ano pa, gamit 'yung maliit na piraso ng lumang salamin na 'yun na ikinabit sa puno.

57 Sa totoo lang po, ganoon po 'yung klase ng tirahan namin noong araw. Kung mayroon sa amin na gustong manalamin, kami na mga bata'y, kukuha kami ng kahon at papatong kami dun sa mesang hilamusan, at titingin dun sa pirasong 'yun ng—ng salamin na napulot ko, mismo, sa tambakan. Di ko pa nga 'yun sa Kentucky napulot. Dito pa nga 'yun sa Indiana, dito sa Utica Pike dito.

58 Ngayon, ito ngang munting batang ito ay di pa nga niya nakikita ang buo niyang sarili nang paganoon. Kaya, nagpunta siya minsan sa siyudad, para bisitahin ang kanyang lola. At dun sa. . . Nung lumilibot-libot siya sa silid, 'yung lola nga'y may bahay na may kumpletong salamin sa may pinto. At kaya, 'yung maliit na batang lalaki, nagtatakbo dun sa—sa silid, may nakita siyang isa pang maliit na batang lalaki sa harapan niya. At 'yung maliit na batang lalaking 'yun ay tumatakbo-takbo, rin. At kaya naisip niya na huminto muna sandali at tingnan kung anong gagawin nung isa pang maliit na batang lalaki. At nung huminto siya, huminto din 'yung maliit na batang lalaki. Nung ipaling niya ang ulo niya, pumaling din ng ulo 'yung maliit na batang lalaki. Kinamot niya ang ulo niya, kumamot din ng ulo 'yung maliit na batang lalaki. Pagkatapos, nilapitan na niya, para usisain. At bumaling siya. At 'yung nanay niya'y pinapanood pala siya dun, at pati 'yung lola niya, na nagtataka. Sabi, "Aba, nanay, ako pala 'yan."

59 Kaya ang sabi ko, haya't, "Maging tayo, rin, ay may isinasalamin na isang bagay." Kita n'yo? Ang buhay natin ay isinasalamin.

60 At ngayon, kung tayo'y nabubuhay sa panahon noon ni Noe, kaninong panig kaya ang papanigan natin? Kaninong panig kaya ang papanigan natin sa dakilang panahong 'yun na kinabuhayan ni Noe? Aling panig kaya ang papanigan natin sa panahon noon ni Moises? Aling panig kaya sa panahon noon ni Elias, na propeta, nung panahon na 'yun na ang buong daigdig ay kinain na nang lubos sa isang—isang malaking bunton ng—ng pagka-moderno, gaya ng modernong Jezebel, na ang ginawa pa'y ang lahat ng mga lingkod ng Panginoon ay tinangay nang tuluyan papunta dun sa isang makamundong kalakaran? At ang kaiglesyahan at ang mga saserdote'y lahat ay nagsisiyuko sa kanya. Dun ka kaya papanig sa panig ng popularidad, o ang gagawin mo'y maninindigan ka kasama si Elias?

61 Ngayon, sa panahon noon ng Panginoong Jesus, nung mga panahon na 'yun na maiisip natin ang Taong ito na di popular, di edukado ng mundo, walang eskuwelahan sa pag-uusisa nila na pinanggalingan Niya, at wala—wala man lang karanasan sa seminaryo. At pagkatapos pa'y lumaki na ang pangalan ay may nakakabit na "ilihetimong pagkapanganak." At pagkatapos lalabas dun, mangangaral ng Ebanghelyo na salungat sa lahat ng itinuturo sa kanila nung mga panahong 'yun. Mismong . . . At tapos kinokondena 'yung mga ministro at mga organisasyon nila, at kung anu-ano pa.

62 At kaya ang mga organisasyon ay nagpalabas ng—ng—ng kautusan, "Sinumang magpunta para pakinggan itong nag-aangkin na propeta raw na ito, ay itatakwil sa sinagoga," na noon ay isang—isang mortal na kasalanan. Kinakailangan nga nila roong mapabilang. Dahil ang tanging paraan lamang nila ng pagsamba ay sa ilalim ng dugo ng kordero. Kinakailangan nilang dumulog sa haing 'yun. At—at tapos itatakwil sila, at napaka tinding bagay nga 'yun noon.

63 At ang Lalaking ito'y pinagsawalang-bahala lang 'yun. At sa kabila nun Siya'y ganap na nakabatay sa Kasulatan, hindi nga lang sa paraan ng pagkakaunawa nila Rito. Aling panig kaya ang papanigan mo? Kita n'yo? Ngayon, huwag . . . Yang buhay mo na ipinamumuhay mo ngayon, 'yan ang sasalamin sa kung ano ang gagawin mo sa panahong 'yun, dahil ikaw nga'y nagtataglay ng siya ring espiritu. Kita n'yo? Kung pumapanig ka sa panig na 'yun ngayon, kasama sila, 'yun na 'yun ang gagawin mo sa panahon na 'yun noon. Dahil, 'yung siya ring espiritu na nasa iyo ngayon ay nandun din sa mga taong 'yun dun noon. Kita n'yo?

64 Di pinaglalaho ng diyablo ang espiritu niya; magbubuhat lang siya mula sa isang tao't lilipat sa isa pa.

65 Di rin pinaglalaho ng Diyos ang Kanyang Espiritu, hayan nga; Ito nga'y manggagaling sa isa't lilipat sa isa pa. Kita n'yo?

66 Kaya, 'yung siya ring Espiritu noon na naroon kay Elias ay napunta kay Eliseo, 'yung din Isang 'yun na naroon noon kay Juan Bautista, at sa iba pa.

67 Yung Espiritu Santo, ay nakay Cristo, napasa mga alagad, sa lahat ng mga sumunod pa, at mapasa hanggang ngayon ay nasa mga tao. Kita n'yo? Di pinaglalaho ng Diyos ang Kanyang Espiritu.

Kaya heto nga tayo ngayon, para gumawa ng pagpili.

68 At wala akong—wala akong makita rito na si Pablo ay may ikinalulungkot siyang kung ano, at sinasabi niya na siya'y nagdaramdam dahil isa siyang bilanggo. Bagkus ipinapakilala pa nga niya ang sarili . . . Naniniwala nga ako na si Pablo, nung isulat niya ang liham na ito gamit 'yung panulat na 'yun dun, na ang Espiritu Santo nga 'yun na nagbunsod sa kanya para isulat 'yun. Kaya naman, paniniguro 'yan, na maging sa gabi na ito, ay magagawa nating kunin ang kontekstong 'yun ng ating teksto, para ipakita kung bakit ginawa 'yun ni Pablo. Dahil nga, nababatay ito sa Kasulatan, at kung sinabing nababatay sa Kasulatan ito nga'y Walang Hanggan. Naniniwala ako, na, sa pagkakaupo niya dun sa nanggigitata't lumang piitan na 'yun, ay nakapagsulat si Pablo sa kanyang kasamahang 'yun noon, na, isang kapatiran niya, na siya'y "isang bilanggo kay Jesus Cristo." Haya't, nagawa niyang magpahayag nun sa pamamagitan ng nakikita niya sa paligid niya. Ngayon, siya nga'y naroon noon sa bilangguan, pero di 'yun ang tinutukoy niya, itong—itong lingkod na ito ni Cristo, na isang ministrong kaugnayan niya. Ang ipinapangusap niya rito ay 'yung siya'y bilanggo sa Salita ni Jesus Cristo, dahil si Cristo ang Salita.

69 At si Pablo ay naturingang isang mahusay na iskolar nung panahon niyang 'yun. Napakataas nga ng ambisyon niya. Siya nga'y—siya nga'y isang—isang—isang binatang sinanay noon, ng isang tao, isang ginoo na ang pangalan ay Gamaliel, na isang magaling na guro nung panahon niyang 'yun, sa isa sa pinaka tinitingalang eskuwelahan na mapupuntahan niya. Para nga pong, kung sa panahon natin ay, Wheaton, o Bob Jones, o kung aling pundamentalistang eskuwelahan. Siya nga'y tinuruan sa ganoon na maging—maging—maging isang ministro ng Salita. At siya nga'y edukado nang husto, at matalino, at intelihenteng binata na may mataas na ambisyon na marahil sa darating na panahon ay magiging saserdote siya o punong saserdote para sa kanyang mga kababayan.

70 May ambisyon siya. At pagkatapos nga'y, itong, itong mataas niyang ambisyon na pinagsumikapan niyang masanay, at ginugol ang buong buhay niya, mula marahil edad na walo o sampung taong gulang, hanggang sa mag-trenta siya o trenta

y singko, nung matapos siya ng kolehiyo't makapagtapos; at matamo ang lahat ng mga diploma niya't lahat na, at tumayo dun na maganda ang reputasyon niya sa lahat ng mga—mga kalipunan ng mga saserdote, maging dun sa punong saserdote sa Jerusalem. Nabigyan pa nga siya ng atas, personal na atas, may kasulatan pa, at pinagkatiwalaan ang mahusay na Saulo na ito na, "Magpunta sa Damasco at tugisin ang lahat ng mga naroon na sumasamba sa Diyos na kontra sa sinasabi niya, at gapusin sila't ilagay sila sa bilangguan." Kung kakailanganin nga, ay may atas siya na patayin niya sila, kung gusto niya. Isa siyang . . . Siya nga'y may mataas na ambisyon.

71 At ngayon, lahat ng mga bagay na ito na pinagsanayan niya, inalis itong lahat ng Diyos mula sa kanya. Kita n'yo? At ito ngang minimithi niya, at itong lahat ng pinaggastusan nang husto ng tatay niya, at itong mga ambisyon ng tatay at nanay niya, lahat nga ng mga ito'y inalis sa kanya dahil ang—ang Diyos ay may bagay na laan na iba dun. Samakatwid, isa siya noong bilanggo sa kanyang sariling mithi na gusto niya sana sa kanyang buhay, at pagkatapos naging bilanggo siya kay Jesus Cristo, na Siyang Salita.

72 Yung paglalakbay niya dun sa Damasco ang nakapagbago kay Pablo. Papunta nga siya roon, nang mga nasa alas onse, marahil, ng umaga, nung siya'y pinasubasob. At may narinig siyang Tinig, na ang sabi, "Saulo, bakit mo Ako inuusig?" At napatingala siya. At nung tumingala siya, yamang isa siyang Judio, at nalalaman na ang Haliging Apoy ay ang Panginoon na nanguna noon sa mga anak ni Israel, dahil nabatid nga niya kung ano Iyon.

73 Alalahanin n'yo, itong Hebreong ito ay ni kailan ay di basta tatawag sa anumang bagay na "Panginoon," malaking P-a-n-g-i-n-o-o-n, Elohim, kung di siya kumbinsido na 'yun talaga Iyon, dahil isa nga siyang aral na iskolar. At nung tumingala nga siya, at nakita Ito, itong Liwanag, itong Haliging Apoy na nanguna sa mga kababayan niya dun sa ilang, at kaya ang sabi niya, "Panginoon," Elohim, malaking P-a-n- . . . "Panginoon, Sino Ka baga?"

74 At malaking pagkabigla nga 'yun sa teologong 'yun, nung magsalitang, "Ako si Jesus," na mismong Siya na kinakalaban niya. Grabeng—grabeng pagbabaligtad ng kaganapan 'yun! Oh! Oh! Marahil nakadama ng pagkasindak ang lalaking 'yun, na ang lahat ng kanyang mga ambisyon na pinapangarap niya, ay nalaman niya, nang biglaan, na kumakalaban pala siya. Yung mismong mga ambisyon niya ang tumangay sa kanya palayo—palayo sa pangunahing bagay na inaadhika niya sanang gawin. At anong—anong laking pagkagulat nga 'yun, para sa apostol na ito, nung Kanyang sabihin, "Ako si Jesus," mismong Siya na pinag-uusig niya. "Bakit mo Ako inuusig?"

75 May kaunting pagpapahayag tayo rito na puwede nating maisingit dito. Kita n'yo, sa paglilibak nilang 'yun sa Iglesya, hindi pala ang Iglesya ang nililibak nila, si Jesus pala ang nililibak nila. "Bakit mo Ako inuusig?" Papaano ngang si Pablo, sa lahat ng kanyang katalinuhan, ay napaniwala na Ito ngang . . . na Ito palang Grupo na kanyang pinag-uusig ay ang mismong Diyos na inaangkin niyang pinaglilingkuran niya? Sa palagay ko ito'y, kahit hindi na natin banggitin pa masyado nang detalyado, sa palagay ko lahat naman tayo rito ay may sapat na kasanayan na makuha ang ibig kong sabihin dito. Ang siya ring bagay na 'yun dun ay nangyayari mismo ngayon.

76 Si Pablo, sa kamangmangan, gayong siya ay intelihente at marunong, mas marunong pa nga kaysa sa mga di edukadong mga taga-Galilea na kanyang pinag-uusig, na mga nagsipag-tanggap na sa kanilang kababaang-loob na ang Taong iyon ay ang Panginoon. Pero, si Pablo, sa kanyang mataas na katuruan at kanyang dunong, ay di Iyon matanggap-tanggap. At grabe sigurong pagbabaligtad ng kaganapan 'yun sa kanya, sa daan na 'yun. At siya nga'y binulag, para hindi niya maipagpatuloy ang bagay na iniatas sa kanya, kaya naman inalalayan na lang siya dun sa lugar na 'yun sa isang lansangan na kung tawagin ay Matuwid, at sa isang bahay dun.

77 At heto na ang propetang dumarating, na nagngangalang Ananias, na nakita sa isang pangitain, na ang lalaking 'yun ay parating dun, nakita kung saan lalagi 'yung lalaki, sinadya 'yung lalaki, at pumasok dun. At sabi, "Kapatid na Saulo, ang Panginoon na nagpakita sa iyo dun sa daan; isinugo ako, para maipatong ko ang mga kamay ko sa iyo, at nang sa gayon matanggap mo ang iyong paningin at mapuspos ka ng Espiritu Santo."

78 Masdan 'yung naging kalagayan niya. Grabeng—grabeng pagkabigla 'yun para kay Pablo! Kita n'yo? Lahat ng mga pinagsanayan niya nang matagal na panahon ay kabaligtaran pala. Kaya ngayon, 'yung—'yung lahat ng edukasyon na taglay niya, naging walang kabuluhan lang 'yun—'yun sa kanya.

79 Ngayon, alam nga niya na nagkaroon siya ng karanasan. Heto nga't may isa pang magandang leksyon dito para sa atin, na, ang karanasan kung karanasan lang ay di sapat. Kailangan 'yung karanasan na 'yun ay naaayon sa Salita ng Panginoon. Kaya, yamang nakikita niya ito, at nalalaman na Ito'y isang dakilang Bagay, pagkatapos, may mga iba pa na nakatanggap Dito bago pa siya, ay naglumagi nga siya nang tatlong taon at anim na buwan sa—sa disyerto ng Arabia; dala-dala ang—ang Biblia, na nung panahon na 'yun ay Ito pong, Lumang Tipan pa lang, at nagpunta sa dakong 'yun, para—para maihambing ang kanyang karanasan na naranasan niya, at tingnan kung Ito ba'y nababatay talaga sa Kasulatan.

80 Ngayon ano kaya kung ang sinabi niya, “Buweno, sa tingin ko’y lilipas din ang bagay na ’yun,” at sige’t nagpatuloy siya? “Susundin ko na lang ang intelektuwal ko”?

81 Ngayon, siya nga’y kinailangan na maging bilanggo sa isang bagay, maging isang bilanggo. Kaya matapos na kanyang ihambing ’yun, at nakita, di na nga nakapagtatakang naisulat niya ang Aklat ng Mga Hebreo, na isang pagtitipo. Kita n’yo? Tatlong taon at kalahati sa dakong ’yun, bumabad sa Salita, at natuklasan na ang mismong Diyos na tumawag sa kanya ay dinadala siya pabalik, at binabago ang lahat ng intelektuwal niya, binabago ang lahat ng dati niyang inaakala, lahat ng mga bagay na pinagsanayan niya. Lahat ng ambisyon niya, ay sadya ngang binura sa kanya, at naging bilanggo siya. Ang pag-ibig ng Diyos ay ganoon na lamang kadakila, at sadyang ganoon na lamang na—na kapahayagan, na hindi na siya makalayo-layo pa Roon.

82 Ganoon na ganoon nga ang tunay na karanasan ng bawat tunay na mananampalataya na nakatagpo ang Diyos. Kung ikaw—ikaw nga’y magkakaroon ng kaugnayan sa isang Bagay na ganoon na lamang kadakila, haya’t ikaw nga’y. . . anupa’t—anupa’t ika’y magiging isang—isang bilanggo, palayo sa lahat ng iba pang mga bagay. Kita n’yo? Ikaw—ikaw nga’y malalayo sa anupamang ibang bagay, para ibilanggo mo ang iyong sarili Rito.

83 May isang beses na naipahayag ito dun sa nung sabihin ni Jesus, “Ang Kaharian ng Langit ay katulad sa isang lalaki na bumibili ng mga perlas. Na kapag natagpuan niya ang pinaka mahalagang Perlas, ay kanya ngang ipagbibili ang lahat ng pagmamay-ari niya, para makuha ang Isang ’yun.”

84 At ganoon na ganoon din ’yun dito. Ikaw—ikaw man ay may intelektuwal na mga kaisipan, ikaw man ay may—may—may—may karanasang teolohiya; pero pagdating sa punto na iyong—iyong—iyong matatagpuan ang tunay na Bagay na ito, iyo—iyo ngang ipagbibili ang lahat ng iba pang bagay, at iyong ikukulong ang iyong sarili Rito.

85 Nabatid nga ni Pablo kung ano ’yun. Natuklasan niya—niya ang kanyang sarili na nakatali sa Bagay na ’yun. Kagaya ng naglalagay tayo ng tali sa—sa—sa kabayo, para nga ’yun—para nga ’yun mahila ang isang bagay. At nalaman nga ni Pablo, pagkatapos ng karanasang ’yun, at tatlong taon at kalahati ng pagtitipo ng—ng karanasang ’yun na naranasan niya, sa Biblia, kanya ngang napagkilala na pinili siya ng Diyos at itinali siya sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na sa karanasan niyang ’yun, ay mahila niya ang Ebanghelyo papunta dun sa piling ng mga Gentil. Yung Espiritu, Mismo, ang nagtali sa kanya.

86 At, ngayon, bilang mga lingkod ni Cristo, tayo’y natalian din, ikinawit. Hindi tayo makalalayo. Tayo’y nakakabit mismo

Rito, nakatali sa Salita. Kahit ano pang sabi-sabihin ng iba, tayo'y nakatali Rito. May kung anong bagay Rito, na sadyang di mo Ito malayu-layuan. Kinabitan ka na ng pamatok Dito, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, kinabitan ka ng pamatok sa Salita. Kahit ano pang sabi-sabihin ng iba, Dito ka pa rin sa Salita. Laging nakatali Rito, may pamatok na nakakabit lagi Rito. Sa Salita, sa pamamagitan ng Espiritu, siya'y itinali.

87 Naliwanagan siya dun sa—dun sa likurang bahagi ng ilang ng Arabia. Noong, ang lahat ng mga dating bagay, at mga karanasan, at ambisyon, ay, sa kanya nga'y pinaglaho ang lahat ng mga bagay na 'yun.

88 Ngayon, nasumpungan natin, ngayon, na kinakailangan na mapaglaho sa atin ang lahat-lahat, muna. At ayaw na ayaw ng tao na mapaglaho sa kanya ang lahat-lahat. Gusto ng kapatid na Methodist na mapanghawakan niya kahit katiting lang ang kanyang katuruang Methodist. Uh-huh. Ang kapatid na Baptist ay ganoon din na gustong mapanghawakan maski katiting ang kanyang katuruang Baptist. Kita n'yo? Pero ang kinakailangan nga ay ang ganap na mapaglaho sa iyo ang lahat-lahat, at sadyang, maipanganak na muli, panibago. At lumakad mula sa puntong 'yun, na ang Espiritu Santo na ang nangunguna. Di mo na puwedeng sabihin, "Buweno, ngayon, sabi ng—sabi ng tatay ko, nung nakianib siya, umanib sa iglesya, nakipagkamay lang siya dun sa pastor. Siya, siya'y tapat na miyembro talaga." Marahil ayos lang 'yun nung henerasyon niya, pero heto na nga ang panibagong henerasyon. Kita n'yo? Ngayon kinakailangan na nating bumaling pabalik dun sa panahon ng Biblia para sa panahon na ito.

89 Maging 'yung mga saserdote ay natatalian, din sila. Pero, nakita n'yo, sila'y tumawid na sa panibagong dispensasyon, at sila'y—sila'y nabigo na kumawala sa luma nilang pagkakatali at isuot ang bagong tali.

90 At ganoon din ito sa nakikita natin sa panahon ngayon. Tayo ay tumawid na sa denominasyong kapanahunan, gaya ng napatunayan na natin sa pagtugaygay sa mga kapanahunan ng iglesya, sa Biblia, at iba pa, pero heto na nga tayo ngayon na sumapit na sa malayang kapanahunan, kung saan ang Espiritu Santo Mismo ay bumaba na at pinatototohanan ang Kanyang Sarili, at ipinapakilala ang Kanyang Sarili, ipinangyayari na ang bawat pangako na Kanyang ipinangako, ay matupad. Oh, grabe! Grabeng maluwalhating panahon!

91 At batid nga niya, na isa pa palang bagay, alam nga niya na di siya basta-basta na lang puwedeng magpunta sa kung saan-saang lugar, yamang, siya'y tali na Rito, na di siya basta . . . na basta na lang siya aalis, gayong gusto man niyang umalis. Batid nga niya sa kanyang ambisyon na siya'y hinihila na magtungo sa mga kapatid niya kung saan naanyayahan siyang magpunta,

pero sa kabila nun ay may paghihikayat sa kanya ang Espiritu na iba ang gawin. Hindi na niya pagmamay-ari ang sarili niya.

92 Marahil may magsasabi dun sa kanya, "Kapatid na Saulo, Kapatid na Pablo, nais naming makapunta ka rito, dahil kami ang may pinaka malaking simbahan sa lugar na ito rito. Kami ang may pinaka malaking kongregasyon. Magiging malaki ang kaloob sa iyo, at marami pang iba."

93 Pero dahil sa may paghihikayat sa kanya ang Espiritu, na gayong naisip niya, "May kapatid ako sa dakong 'yun. Gusto ko sanang makapunta dun at iligtas ang kapatid na 'yun, akayin siya sa Panginoon." Pero, sa kabila nun, may paghihikayat sa kanya ang Espiritu na magpunta siya sa ibang dako. Isa siyang bilanggo. Ganoon nga.

94 Oh Diyos, itulot Mo kaming maging mga bilanggong gaya nun, palayo sa aming makasariling mga ambisyon, at palayo sa aming sariling mga pamantayan at mga inaakala naming mas maiinam na pag-iisip, upang maging mga bilanggo ni Jesus Cristo. Sa palagay ko'y isa 'yung dakilang pagpapahayag, ang, "Ako'y isang bilanggo kay Jesus Cristo."

95 At alalahanin n'yo, Siya ang Salita. Kita n'yo? Kahit ano pa ang isip-isipin ng iba, 'yun na mismo ang Salita. Kita n'yo? Kung kayo'y bilanggo na sa Salita, walang denominasyon ang makakayugyog sa inyo palayo Roon. Yun na mismo—'yun na mismo ang Salita. Isa lang kayong. . . Kayo'y bilanggo na Rito, ganoon nga 'yun. Kinakailangan mong kumilos ng gaya ng pagkilos Nito.

96 Ngayon, hindi nga siya maaaring magpunta sa kung saan-saang lugar na gusto niya, dahil (bakit?) di 'yun pinapayagan ng Espiritu na gawin niya. Natatandaan n'yo ba, maraming beses, na si Pablo ay sinusubukan niya sanang magpunta sa kung saan-saang lugar, iniisip na, "Doon sa lugar na 'yun ako marahil magkakaroon ng malaking pagtitipon," pero di siya pinahihintulutan ng Espiritu. Ngayon, hindi ba't malinaw na pagpapakita 'yan at pagpapatunay na si Pablo nga ay isang bilanggo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Isang bilanggo kay Jesus Cristo, nakatali sa Kanyang Salita, sa pamamagitan ng Espiritu! Oh! gustung-gusto ko 'yun. Uh-huh.

97 Siya'y natatalian. Siya'y natatalian ng isang tanikala, at ng tanikala ng pag-ibig, para gawin ang kalooban ng Diyos, at 'yun lamang. Isa siyang bilanggo. Siya'y natatali ng tanikala ng pag-ibig. Siya'y napapatungan ng pamatok kasama si Cristo. Di nga siya maaaring makipamatok sa iba. Sa Kanya lamang siya nakapamatok. At kung saan magpunta ang Tagapanguna, ay doon nga siya magpupunta. Kahit na gaano pang karaming naglulunting mga pastulan ang mayroon, dito man sa panig na *ito* o sa panig *doon*, doon at doon lamang sa daan na itinuro ng Tagapanguna at ng pamatok siya tutungo.

98 Oh, sa gabing ito, kung tayo lamang, dito sa Branham Tabernacle, kung magagawa lamang natin na maging mga bilanggo tayo; palayo sa ating mga makasariling hangarin, at sa ating sariling ambisyon, kung magagawa lang sana natin na buong-buo nating maisuko ang ating mga sarili at mapatungan ng pamatok sa Kanya. Kahit ano pa ang isip-isipin ng iba pa sa sanlibutan, anuman ang gawin-gawin ng iba pa sa sanlibutan, tayo nga'y nakapamatok na sa tanikala ng pag-ibig, tayo'y mga bilanggo na. "Nakapamatok nang maigi ang aking mga paa kay Cristo, hindi ito makikipagsayawan. Nakapamatok nang maigi ang mga mata ko kay Cristo, na ako nga'y, kapag nakikita ko ang mga kahubaran ng modernong panahong ito sa lansangan, ibabaling Nito palayo ang aking ulo. Nakapamatok nang maigi ang aking—aking puso na ibigin Siya, na anupa't ako'y di na magkakaroon ng anumang pag-ibig sa sanlibutang ito, kahit kailan. Nakapamatok nang maigi ang kalooban ko sa Kanya, na anupa't di ko na mawari ngayon kung ano ang sarili kong ambisyon. Sadyang, 'Saanman Siya manguna, ako'y susunod, Panginoon.' Ako'y magiging bilanggo." Kita n'yo?

99 Tama na si Pablo ay isang bilanggo. Hindi siya nagkamali ng sinabi rito. Sinanay siya ng Espiritu Santo, nang panibago, para maghintay sa Salita. Ngayon, siya nga'y sinanay noon sa isang paraan, pero—pero sinanay na siya ng Diyos sa ibang pamamaraan ngayon. Siya'y sinanay na ngayon ng Espiritu Santo na maghintay sa Panginoon, kahit ano pa 'yang mga inaambisyon niya.

100 Ngayon akin pong, sa tulong ng Espiritu Santo, may ipapakita po ako sa inyo na isang bagay. Kita n'yo? Ngayon kumuha nga tayo ng isang pangyayari.

101 Isang araw, sina Pablo at Silas, ay lumalakad noon sa isang kalsada sa isang siyudad kung saan sila nagdaraos ng isang rebaybal. At may munting, batang babae dun na sinasapian ng demonyo na sumusunod sa kanya, sumisigaw sa kanya. At wala ngang duda na alam ni Pablo na may kapamahalaan nga siya, bilang isang apostol, na palayasin 'yung masamang espiritung 'yun palayo sa babaing 'yun. Pero napansin n'yo ba? Naghintay siya, araw bawat araw, hanggang sa, bigla na lang, nangusap sa kanya ang Espiritu Santo, ang sabi, "Ito na ang oras."

102 Tapos ang sabi niya, "Ikaw na espiritu ka, lumabas ka sa babaing 'yan." Kita n'yo? Alam niya kung paano maghintay sa Panginoon.

103 At dito sa bagay na ito napakaraming tao ang nagdudulot ng kahihiyan sa Salita. Sila'y basta humahayo dala-dala ang ambisyon nila. Napakaraming mga rebaybal ang nauuwi lang sa pagkalagpak dahil sa bagay na katulad n'yan, dahil 'yung ebanghelista ay di makapaghintay na makita muna kung ano ang sasabihin ng Panginoon patungkol sa bagay na ito! May

magsasabi kasi sa kanila dun, "Magpunta kayo rito," at sila'y—sila'y hahayo na lang nang basta-basta dahil sinabi ng—ng asosasyon, "Magpunta." At samantalang iba naman dun ang sinasabi ng Espiritu Santo. Haya't, dahil nga 'yan sa ambisyon ng isang tao na maging presbitero ng estado, o—o anumang iba na gaya nun, o maging isang nakakatanda, o isang obispo, o anong ibang bagay na hahatak sa kanya, "Magpunta ka." At, sa kabila nun, nalalaman niya ang mas mabuti. Sinasabi na ng Espiritu Santo na, "*Dito* ka magpunta." Kita n'yo? Siya kasi'y nakapamatok sa kanyang organisasyon. Isa siyang bilanggo sa organisasyon.

104 Pero kung siya'y nakapamatok sana dun kay Cristo, siya'y pangungunahan ng Espiritu Santo. Siya'y . . . ? . . . Kita n'yo? Siya, siya'y napapatungan ng pamatok, isang bilanggo. Hindi niya alintana anuman ang sabi-sabihin ng iba; isa—isa lang—isa lang—lang 'yung tanso na tumutunog at batingaw na umaalingawngaw. Tanging 'yung Tinig lamang ng Diyos ang kanyang pakikinggan, at siya'y magsasalita lamang kapag Ito ay maghahayag. Wala siyang sasabihing iba.

105 May magsasabi, "Oh, oh, Kapatid na Jones!" Si Kapatid na Roberts marahil, o kung sino pang, mga kilalang kalalakihan sa ating bansa ngayon, gaya nina Tommy Hicks, o—o—o Oral Roberts, o—o Kapatid na Tommy Osborn, ilan po rito sa mga kilalang ebanghelistang ito. Marahil may magsasabi, "Puwede po kaya, na magpunta kayo rito, Tommy. Isa kang dakilang tao ng Diyos." (O si Oral.) "At ako—ako po'y may—may tiyo dito na nakaratay sa dako rito, na talagang—talagang di makakilos. At siya'y—siya'y may sakit. Gusto ko po sanang magpunta kayo rito. Nananalig ako na may kakayahan ka na pagalingin siya." Kita n'yo?

At marahil sasabihin nung Espiritu Santo sa kanya, "Hindi pa ngayon."

106 Pero,hayan nga, dahil sa pakikipag kaibigan sa taong 'yun, siya nga'y nakatali sa tungkulin na magpunta sa kanya. Kung hindi, aba'y siya'y magiging kaaway ng taong 'yun. Sasabihin kasi ng taong 'yun, "Aba, nagpunta siya kay *ganito-at-ganoon*, pinagaling 'yung batang 'yun dun o 'yung batang lalaki. Alam kong ginawa nga niya 'yun. At heto akong kaibigan niya, nang maraming taon, kita n'yo, at di man lang siya makapunta rito sa lugar ko."

107 Pero kung pipigilan siya ng Espiritu Santo na magpunta, di nga siya dapat magpunta, kung siya'y nakapamatok sa Diyos. Yung kaibigan niya, oo't may pag-ibig siya. Pero kinakailangan na mapangunahan siya ng Espiritu Santo sa kanyang pagpunta roon, dahil wala 'yung magiging kahihinatnan, ano't anuman. Naranasan ko na 'yan maraming beses na nga.

108 Pero hayan nga't si Pablo ay naghihintay talaga sa Espiritu na sabihin sa kanya kung anong gagawin niya. "Maghintay sa Espiritu," ang sabi. Nakatayo siya isang gabi, nangangaral. At lumabas siya roon. May nakita siyang pilay na lalaki. At bigla na lang, nagsalita sa kanya ang Espiritu, at ang sabi niya, "Natatalastas ko. . . " Sa papaanong paraan? Sa gayon ding paraan na natalastas niya na sila'y malulubugan ng barko't, mapapadpad sa isang isla. Kita n'yo? "Natatalastas ko na may pananampalataya ka na mapagaling. Tumayo ka sa iyong mga paa. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo." Kita n'yo? Hayan nga. Siya—siya ay. . . Siya ay napapatungan ng pamatok. Marahil isang linggo na siyang nagdaraos ng rebaybal sa dakong 'yun at walang nangyayari, pero heto nga't naghintay siya sa Espiritu Santo na mangusap. Kita n'yo? Siya nga'y nakapamatok sa panawagang 'yun.

109 Ngayon sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, sinasalungat mo 'yung sinabi mo nung Linggo, tungkol dun sa hinihintay mo pa ang bagay na ito."

110 At, pero, alalahanin n'yo, 'yung Espiritu Santo mismo ang nangusap sa akin doon sa daan, at sabi, "Pinababalik Kita sa piling ng mga maysakit at mga nagdadalamhati." Kita n'yo? Pagtalima nga ito sa Espiritu Santo. Tama. Hindi ako nagpunta hangga't di Niya muna sinasabi sa akin na gawin 'yun. Ako'y naghintay muna sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON, hanggang sa matanggap ko mismo 'yung GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ngayon, iba nga 'yun. Kita n'yo? Ngayon, Ito, Ito ang naging kaibhan. Oo.

111 Naghintay siya para sa Salita ng Diyos. Hinikayat siya ng Espiritu, na gawin lamang ang iniuutos ng Diyos, kaya naman siya'y naging isang bilanggo ni Jesus Cristo. Mga kaibigan, kung magagawa lamang sana natin na maging mga bilanggo!

112 Alam ko po na mainit. Pero gusto ko—gusto ko pa sanang magbanggit ng ilan pang mga tauhan, kung mamarapatin n'yo. Nasa anim o walo ang naisulat ko rito. Haya't gusto ko—gusto ko sanang magbanggit ng isa pang tauhan o dalawa.

113 Kunin po natin ang tauhan na si Moises. Ipinanganak siya na isang tagapagligtas. At alam niya—niya—niya 'yun, na siya'y ipinanganak na tagapagligtas.

114 Pero bago ko saysayin ang tungkol kay Moises, nais kong magsabi ng pahayag dito, na, ang Diyos sa tuwina'y kumukuha ng tao, na maglilingkod sa Kanya nang totoo, upang maging bilanggo Niya. Kinakailangang isuko ng naturang tao na ito ang lahat ng ambisyon niyang hangad, lahat ng kung ano siya, lahat—lahat ng bagay, kanyang buhay, kaluluwa, katawan, kalooban, mga ambisyon, at lahat ng iba pa, at maging ganap, na bilanggo ni Cristo, na Siyang Salita, upang maglingkod sa Diyos.

115 Marahil kinakailangan mong lumakad nang salungat sa pansarili mong iniisip na magandang pasya. Marahil, sa isang organisasyon, iniisip mo marahil na maitatanyag ka nila dun at mabibigyan ka ng bagay na maganda, para magningning ka. Pero saan mo nga natatagpuan ang sarili mo? Natatagpuan mo ang sarili mo na talunan, pagkatapos, hanggang sa makakuha ang Diyos ng isang tao na nakahandang maging bilanggo Niya.

116 Ang Diyos ay naghahanap ng mga bilanggo. Laging ganun ang ginagawa Niya. Saliksikin n'yo man sa Kasulatan. Ang isang tao'y kinakailangang maging bilanggo kay Cristo, palayo sa iba pang bagay. Samakatwid, hindi ka maaaring magkaroon ng anumang pagkapit sa anupamang ibang bagay maliban kay Cristo; kahit pa sa iyong tatay, iyong nanay, iyong kapatid na lalaki, kapatid na babae, iyong asawang lalaki, iyong asawang babae, kahit sino pa. Kay Cristo ka lamang dapat dumugtong kumapit, at sa Kanya lamang talaga, at sa ganoon nga'y dun ka pa lang magagamit ng Diyos. Hangga't hindi pa, ay hindi ka nga magagamit.

117 Sa pagsasaysay ko sa lahat, minsan nga'y nakakapagsalita ako nang mahapdi sa tao. Kita n'yo? Ang sinisikap ko lang—ko lang ay maihiwalay kayo. Kinakailangan ngang may bagay na simulain, katulad na lang ng pagpuna ko sa mga kababaihan na nagpuputol ng kanilang buhok at nagsusuot ng ganung mga kasuotan, at nakahawak pa rin at ipinapahayag na Cristiano raw sila. Sasabihin, "Napakaliit na bagay lang 'yan." Buweno, kinakailangan n'yo nga ng simulain sa kung saang dako. Kaya simulan n'yo diyan, sa mga ABC, Kita n'yo? At humiwalay sa makamundong itsura, tama, at maging bilanggo kay Cristo. At pagkatapos ay magpatuloy sa ganun, na humihiwalay kayo sa lahat ng bagay, hanggang sa ang pinakahuling dugtungan ay makahiwalay na. Pagkatapos kayo—kayo—kayo nga'y bilanggo na na maituturing, makalalagak na kayo sa mahigpit Niyang pagkapit, Kanya—Kanya nang hihigpitan ang Kanyang kapit sa inyo.

118 Ngayon, alam nga ni Moises na ipinanganak siya na isang tagapagligtas. Alam niya 'yun. At napansin n'yo ba, dahil dun sa ambisyon na hinangad ni Moises; dahil nalalaman niya na sinabi 'yun sa kanya ng nanay niya, at ang nanay kasi niya ang naging tagapag-alaga niya.

119 Di nga kaila, na nung si Moises na maliit pang sanggol ay ipinanganak, ay sinabi ng kanyang nanay, "Alam mo, Moises, noong . . . Ang iyong tatay, Amram, at ako ay walang humpay na nanalangin. Alam namin, at nakita namin sa Salita, na iyon na ang panahon na darating ang tagapagligtas. At nanalangin kami, 'Panginoong Diyos, hinahangad po naming makita ang tagapagligtas na 'yun.' Isang gabi, nangusap ang Panginoon sa amin, sa isang pangitain, na ipanganganak ka, at ikaw ang

magiging tagapagligtas. Hindi kami natakot sa kautusan ng hari. Hindi namin inalintana 'yung sinasabi nung hari. Haya't, alam kasi namin na ipinanganak ka para maging tagapagligtas. Ngayon, Moises, alam nga namin na salat kami sa kakayahan para palakihin ka nang mainam."

120 Ngayon alalahanin n'yo, naroon kasi sila sa dakong 'yun, nang apatnaraang taon sa Egipto. Kita n'yo?

121 "At ang hangad lang namin—hangad lang namin na ibigay sa iyo ang—ang pinaka mainam na bagay, pinaka mainam na edukasyon, pinaka mainam na pagsasanay. Kaya, kinuha kita at inilagay ka sa isang munting basket na daong, at pinaanod ka sa Nile. At kakaiba nga ang nangyari, na 'yung agos ng ilog ay pinalutang 'yung munting basket na daong na malampasan ang mga tambo at pagragasa, at dalhin 'yun mismo, na milya-milya ang layo, at palutangin 'yun hanggang sa makarating sa palasyo ng Faraon, kung saan ang kanyang . . . naroon ang anak na babae ng Faraon, kung saan naroon ang paliguan niya. At tunay na—na nababatid ko na kinakailangan niya ng babaeng mag-aalaga para palakihin ka."

122 At nung lumang panahong 'yun, haya't, wala pa sila noong mga botelya na maipapagamit sa pag-aalaga sa mga sanggol, kaya naman kinailangan niya ng—ng babaing magpapasuso. Tapos . . .

123 "At, si Miriam, pinapunta ko siya dun. At tumayo siya dun, at ang sabi niya, 'Alam ko kung saan makakahanap ng babaing magpapasuso,' at nagpunta siya't sinundo ako. At, Moises, haya't sarado ngayon ang mga pintuan. Iho, labing-anim na taong gulang ka na ngayon, at ika'y magiging anak na ng Faraon. At darating ang isang araw na magiging tagapagligtas ka na magdadala sa bayan palabas dito."

124 Unti-unting umuusbong ang mga ambisyon noon ni Moises. "Ako'y mag-aaral, nanay. Pag-aaralan ko ang lahat ng bagay sa abot ng makakaya ko. Alam n'yo ba ang gagawin ko? Mag-aaral ako kung paano maging militar, at magkakaroon ako ng kaalaman pagkatapos para ilabas ang bayan mula rito. Ako'y magiging magaling na heneral, obispo, para malaman ko kung paano ito gagawin. At ilalabas ko—ilalabas ko talaga. Kukuha ako ng Ph.D o LL. Gagawin ko."

125 Kagaya nga ni "Padre Chiniquy," kung nabasa n'yo na ang mga aklat niya. Hayan nga. Kanya raw "ilalabas ang lahat ng mga Protestante," alam n'yo, at ang nangyari'y siya nama'y naging isa sa kanila, mismo. Hayan nga, ang isang magaling na paring ito, mga taon na rin ang binilang, "Padre Chiniquy," mainam nga na makakakuha kayo ng aklat niya't mabasa n'yo 'yun. Tinatawag nila siyang, "padre." Pero siya nga'y Kapatid na Chiniquy lang, talaga. Hindi kasi tayo tumatawag sa kahit sino na "padre," gaya nun. Haya't nakita nga natin diyan na—

na tayo. . .Binasa niya ang Biblia, para makahayo siya dun at mapamalian niya ang relihiyong Protestante at gawin silang lahat na Katoliko. At nung binasa na niya ang Biblia, dumating sa kanya ang Espiritu Santo, at tumanggap siya ng Espiritu Santo, at pagkatapos—pagkatapos ay naging isa siya sa kanila.

126 Haya't heto na't pansinin n'yo, si Moises nga'y kumuha siya ng lahat ng pagsasanay na makukuha niya. Dahil, alam niya—alam niya. Matalino siya, edukado talaga, intelektuwal talaga! Hanggang sa, wala nang kahit sino. . .Haya't maging ang mga taga-Egipto ay siya na ang nagtuturo. Hanggang sa, umabot na sa punto na tinuturuan na niya ang mga sikologo nila. Kanya ring itinuturo maging sa kanilang—kanilang mga heneral kung paano ba palalakasin ang puwersang militar. Naging tanyag siyang tao. At kinatakutan ng taumbayan si Moises, dahil sa katanyagan niya. Oh, grabeng karunungan! Grabe! Isa siyang arsobispo, o marahil para pa ngang papa. Naging dakilang tao siya. At siya'y naging isang—isang—isang makapangyarihang tao. At alam nga niya na siya'y ipinanganak para gawin 'yun, at nagsanay, may taglay na mataas na ambisyon, para gawin ang bagay na 'yun.

127 Kagaya sa panahon ngayon. Hindi ko sinasabi na ang mga kalalakihang ito, na nagsisipagsanay sa mga eskuwelahang ito, di ko sinasabi na. . .Pero kagaya nga ngayon dito sa Kanluran, sila'y nagsisipag-patayo ng sandaan-at-limampung-milyong-dolyar na eskuwelahan ng teolohiya, kita n'yo, ang Pentecostal, ng—ng sandaan-at-limampung-milyong-dolyar na paaralan. Sa akin lang po, ang dapat ay mga misyonero sa iba't ibang dako sa labas. Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo? Pero, ano nga 'yang, ano 'yang ginagawa nila pagkatapos na makalabas sila roon? Ano nga sila? Sangkumpol na mga Ricky. Ganoon mismo. At pagkatapos ganoon ang kalalabasan nila. Ganoon nga lagi, sa lahat sa kanila dun, at ganun lagi ang kinalalabasan. Kita n'yo?

128 Ngayon nalaman natin, na, noong, si Moises, sa lahat ng kanyang pagsasanay noon, at sa panahon ngayon, sa lahat ng pagsasanay na 'yun, na gumagawa ng mga bigating obispo at kung anu-ano pa, dahil sa malaki't, mataas na ambisyon, ano tuloy ang ginagawa natin? Ang mga ambisyon nati'y nagiging katulad dun noon kay Moises. Kita n'yo?

129 Ang Diyos, bago Niya mailagay ang isang tao sa Kanyang kamay, kinakailangan Niyang hubarin ang ambisyon ng taong 'yun mula sa kanya. Kinakailangan Niyang alisin ang lahat ng pagsasanay niya.

130 Oo't humayo pa rin siya, at akmang magliligtas; nakapatay pa nga siya ng isang taga-Egipto. At siya, at nung magawa niya 'yun, napagtanto niya na mali pala siya. Hindi pala ganun ang dapat niyang gawin. Hindi 'yun ang paraan. At minarapat nga

ng Diyos na alisin siya't ilagay dun sa ilang, sa disyerto, isang dakong disyerto.

131 Napansin n'yo, para ngang kakaiba, na ang mga tauhang ito, na pinagkalooban ng Diyos ng mensahe para sa kanila, ay Kanya ngang dinadala sila sa disyerto.

132 Dinala Niya si Pablo sa disyerto, para sanayin siya, para isaysay sa kanya ang lahat ng tungkol sa dakilang pangitain na 'yun, doon sa disyerto. "Nagpunta sa disyerto." At nanatili siya roon hanggang sa maihayag na nang lubos ng Diyos ang dapat gawin.

133 At dun sa panahon noon ni Moises, Kanyang dinala siya sa disyerto. Inilayo siya sa dakong 'yun nang apatnapung taon, at hinubad ang lahat ng teolohiya niya't lahat ng ambisyon niya. Oh, ano ngang dakilang sandali, na nagagawa niyang tumingin sa nakaraan at makita ang pagkabigo niya. At ganoon din sana tayo, sa gabing ito, na magawa natin ang siya ring bagay na 'yun, kapag sisiyasatin natin ang ating ambisyon.

134 Tingnan n'yo po ang mga gawain ng pagpapagaling, at tingnan n'yo kung ang Panginoon nga'y nagpangyari ng mga bagay-bagay sa mga ilang taon na nakalipas, para ibalik ang pagpapagaling sa mga maysakit, at iba pa.

135 Bawat isa, bawat organisasyon, sa kadahilanang hindi kasi Ito dumako sa kani-kanilang organisasyon, ay nagsipagkuha sila ng sari-sarili nilang tagapagpagaling. At ano 'yang ginawa nating 'yan? Tingnan nga nating maigi sa mga sandaling ito. Ginawa natin 'yung siya ring bagay na nagawa ni Moises noon. Humayo tayo't pilit tayong nagpapalabas ng kung anong uri ng himala. "May natatalastas akong sakit. May—may—may dugo ako sa aking kamay," at gumagawa-gawa lang ng himala. Kita n'yo? At ano ang kinahinatnan natin? Ang mga kalalakihan ay napuwersa nang husto ang pag-iisip, na sila tuloy ay nawala sa katinuan at naging regular na manginginom, nerbiyoso, at di kinaya ng pag-iisip nila. At bumaligtad sila nang husto, sa kung anong panuntunan mula sa mga mithiing pentecostal, pabalik dun sa pagtatatag ng mga organisasyon at mga bagay-bagay uli. Kita n'yo?

136 Ano itong ginawa natin? Pumatay ng isang taga-Egipto. Oo. At nagpupumilit tayo. Pinupuwersa natin. Pinopondohan pa. Nagpapakahirap tayo, magdamag na nasa mga pagtitipon para sa pananalangin, hanggang sa wala na tayong boses. At—at pinagpipilitan nating magpalabas ng kung anong bagay, at paiigihin ang isang bagay, at lahat na ng mga iba't ibang bagay kagaya nito, at pagkatapos masusumpungan natin na ito pala'y ganap na pagkabigo lang lahat. Ang kailangan natin ay 'yung maipanumbalik sa likod ng disyerto. Tama. Siyanga, po. Haya't napapaos lang at nagpapakahirap. Bakit di na lang tayo sumuko? Yun ang kinakailangang n'yong gawin, kita n'yo,

manumbalik at sumuko. Hayan nga't, ginawa natin ang siya ring bagay na ginawa nila noon, siya ring bagay na ginawa ni Moises noon. Wala ngang kahit anong mainam na mapapala roon. Pagkatapos ng apatnapung taon, nasumpungan niya ang kanyang sarili na isa nang bilanggo sa Salita ng Diyos. Ano ba kasi itong pinipilit nating gawin?

137 Samantalang, ang dakilang Pagpapala ay inilantad na, at ang pagpapamalas ng lahat ng mga dakilang bagay na sinasabi sa atin ng Diyos: kung papaanong kinakailangan natin na maipanganak na muli; at kung papaanong kinakailangan natin na makatanggap ng Espiritu Santo; ang bautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo; at lahat ng mga bagay na ito na narito na.

138 Kita n'yo, ang mga tao, imbis na manatili sa Salitang 'yun, maitali Doon, ano ang ginagawa nila? Nagpapasimula sila ng sari-sarili nilang mga pangdenominasyon na teorya, na noo'y nabigo na, at pinipilit na magpalabas ng kung anong bagay na animo'y itsurang Katotohanan.

139 Siguro'y ihihinto ko na rito 'yan. Kita n'yo? Sa tingin ko naman ay may sapat kayong kaalaman upang maintindihan itong ibig kong sabihin dito. Kita n'yo? Pero, hayan nga't, tingnan n'yo ang kinahinatnan nun. Isipin n'yo po.

140 Ano itong kinahinatnan natin, sa gabing ito? Haya't isang—isang—isang bansa na palasak sa maka-organisasyong mga tao: na itinatanggi ang mga Kasulatan ng Diyos; na nagagawang bansagan ang—ang—ang Buhay ng Espiritu Santo, na, "Isa lang 'yung—'yung paghuhula sa iniisip"; na inaayawan nila na 'yung ganoong bagay ay makapasok sa kanilang iglesya; at di nila pahihintulutan na sambitin mo ni isa mang Salita patungkol sa binhi ng serpiyente, Walang Hanggang kasiguraduhan, at mga bagay na inihayag at pinatunayan ng Espiritu Santo na siyang Salita namang talaga. At paulit-ulit nga akong humahamon at humahamon, na kung may gustong lumapit dito at patunayan na mali ako.

141 Ano nga itong kinahinatnan nila? Yung siya ring bagay na kinahinatnan ng mga Luther, lahat sila dun, kita n'yo, pumatay ng taga-Egipto. Ano bang dapat . . . Ano nga ang nangyari dun? Marahil sa umpisa'y nagagawa niya ang isang tao na . . . huwag magnakaw, o mamuhay nang tapat sa kanyang asawang babae. Pero ano ngang ginawa n'yo sa kanya sa pamamagitan nun? Isang miyembro sa iglesya. "Halina kayo at sumapi sa grupo namin." Kita n'yo?

142 Yung umaalingasaw na patay na lalaking 'yun ang tanging bagay na maituturo niya ng mga daliri niya, na katagumpayan niya, sa loob ng apatnapung taon ng pagsasanay; isang taga-Egipto na umaalingasaw dun at nakahandusay, nabubulok at patay.

143 Ganyan na ganyan din ang nangyayari ngayong gabing ito. Ang tanging bagay na maitututuro natin, dito sa rebaybal na ito na malawak daw ang paglaganap (ang sabi), ay bunton lang ng mga miyembro sa iglesya na umaalingasaw at mas walang alam tungkol sa Diyos kaysa sa isang Hottentot na may pagkaalam tungkol sa isang mandirigmang Egipcio. Siyanga. Na anupa't, sabihan mo sila tungkol sa Salita ng Diyos, ay sasabihin nila, "Hindi ako naniniwala sa Ganyan." Sasabihin, "Wala akong pakialam sa sinasabi mo, hindi ako naniniwala sa Ganyan." Kita n'yo? Kita n'yo? Kalunos-lunos na bagay nga ang ituro ang bagay na 'yun, sa kabila ng mga pagpapagal at paghihirap na dinaanan natin at lahat na ng pinagtuunan natin.

144 Marahil maitututuro natin ang malaking eskuwelahan, pero patay nga 'yun. Marahil maitututuro natin 'yung organisasyon, pero patay nga 'yun. Umaalingasaw ito. Katulad na katulad lang ito sa dakong 'yun na pinanggalingan nati't inalisan nung una. "Katulad sa isang baboy na nagpupunta sa lublubang putik nito, at sa isang aso sa kanyang suka," kapag babalik pa tayo. Isang patay na taga-Egipto.

145 Walang duda na haya't may magsusumbat dun, "Moises, buweno, naglaho na ba 'yang malasakit mo sa mga kababayan mo? Tinawag ka para gawin ang bagay na 'yun." Sasabihin nga ng isang nakakakilala kay Moises, at alam na siya'y tinawag para sa bagay na 'yun. "At wala na ba . . . Wala ka na bang malasakit sa mga kababayan mo?"

"Hindi naman, sa ganoon."

146 "Buweno, bakit hindi ka humayo, dun, gawin mo ang bagay na *'yun*? At bakit di ka nga humayo, pagsumikapan *ito*? At bakit di ka nga magpunta roon sa piling nila roon?"

147 Si Moises kasi'y nasa dakong 'yun na inaalisan ng laman, hanggang sa taglayin niya ang karanasan sa may nagniningas na kahoy, ang Salitang 'yun na nahayag. "AKO NGA ang Diyos ni Abraham, Isaac, at Jacob. At naalala Ko ang Aking pangako. At ako'y bababa para iligtas sila. Isinusugo Kita para gawin ito." Hayun nga.

148 Nakita niya ang Salita, hindi ang ambisyon ng mga tao o ang minimithi ng mga tao. Kaya naman pagkatapos ay anong nangyari sa kanya? Hindi na nga niya ninais pang harapin ang mga taga-Egipto. Hindi na nga niya hinangad na harapin ang bagay na 'yun kailanman. Haya't siya'y naging isang bilanggo na. Amen. Apatnapung taon ng kakatakbo, pinaglalaho ang lahat ng nasa kanya, subali't sa huli'y naging bilanggo siya, sa may nagniningas na kahoy, itong dating dakilang si Moises na ito sa lahat ng kanyang pagka-intelektuwal. Sinasabi nga ng Biblia na si Moises ay isang dakilang lalaki sa salita o sa gawa man, doon sa Egipto.

149 Pero tingnan n'yo nga ang dakilang teologong ito kung anong ginawa niya dun sa Presensya ng nagniningas na kahoy. Ipinahayag niya ang kanyang kawalan ng kakayahan. Nung makita niya ang tunay na paglalayon dun ng Diyos, sinabi niya na wala siyang kakayahan para gawin 'yun. Gayong, siya'y sinanay sa lahat ng teolohiya na maibibigay nila sa kanya, sinanay sa pinaka mainam nilang paaralan. Pero, hayan nga't, ano nga ang magagawa niya. . . ang Haliging Apoy ay naroon noon sa ibabaw nung kahoy? Sabi, "Ni hindi nga ako makapag salita. Um-hum. Panginoon, sino lang po ako, na pupunta ako roon?" Kita n'yo?

150 "Alisin mo ang panyapak mo, Moises. Nais Kong makipag-usap sa iyo. Alisin mo ang lahat, maging 'yang panyapak mo. Magpatirapa ka—ka riyan sa lupa ngayon. Nais Kong makipag-usap sa iyo."

151 Ni di nga siya makaimik. Sa wakas, naging isang hinirang na bilanggo, isang hinirang na propeta, katulad ni Pablo na hinirang din. Si Moises ay hinirang, na tagapagligtas. At hayan nga, sa huli, ibinunsod ng Diyos na ang Kanyang hinirang na lingkod ay maging bilanggo sa Kanya. Oh, hallelujah! Siya'y makakakilos lang kung ikikilos siya ng Salita ng Diyos. "Sino ang sasabihin ko na nagsugo sa akin?"

"AKO NGA."

"Paano ko gagawin?"

"Sasaiyo Ako."

152 "Sige po, Panginoon, kung anong sabihin Mo. Narito Ako." Oh, grabe! Hayan nga't, siya'y isang bilanggo.

153 Sumalungat siya laban sa naiisip niyang mas nakakabuti. Ngayon, hayan nga't siya'y sinanay noon na magbigay utos sa isang hukbo. "Mga tabak, itaas! Pumihit-patalikod!" Sinanay sa, "Mga karwahe, sa posisyon! Mga sibat, pasulong! Lusob!" Ganoon nga ang kanyang naiisip na pananakop dati. Ganun ang pagsasanay sa kanya.

Pero nagsabi siya, "Anong gagamitin ko?"

Sabi, "Ano 'yang hawak mo sa kamay mo?"

154 "Isa pong tungkod." Minsan nga'y kakatwa ang paggawa ng Diyos sa mga bagay-bagay, sa isipan ng tao. Kita n'yo? May tungkod nga siyang hawak-hawak sa kamay niya. Yung balbas niya'y nakalaylay pababa. Walumpung taong gulang na. Yung asawa niya'y nakasakay sa isang mola; may kalong-kalong na bata. Yung mapapayat, matatanda't mahihina na niyang mga bisig ay nakalaylay na; may tungkod. Yung ulo na lamang niya ang tila nakataas, dahil taglay niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Bakit? Dahil sa wakas ay nakaangkla na siya.

155 Isa siyang bilanggo. "Kikilos lamang ako kapag pinakilos ako ng Salita. Magsasalita lamang ako sa dakong magsasalita ang Salita."

"Saan ka pupunta?"

156 "May atas ako: tumindig sa harapan ni Faraon at ipakita sa kanya, sa pamamagitan ng tungkod na ito, na ako'y isinugo ng Diyos." Amen.

"Ano namang susunod mong gagawin pagkatapos n'yan?"

"Siya ang maglalaan kung ano bang kasunod, pagkatapos kong gawin ito."

157 Hayan nga. Iisang bagay lang ang dapat mong gawin, ang unang hakbang, sa gabing ito: ang sumuko, maging bilanggo. Huwag mong isipin ang iyong sarili o sinumang iba. Maging bilanggo.

158 Si Moises ay naging bilanggo, sinabi niya na di niya kayang makapagsalita. Sa huli, noong makuha na siya ng Diyos sa Kanyang kamay, kung saan makakakilos lamang siya sa dako na pakikilusin siya ng Diyos. Sa dako, na sinabi Niya sa kanya ang Salita. Alam nga niya na iyon ang Salita, kung kaya naman isinuko niya ang kanyang sarili sa Salita. At ang Espiritu Santo sa dakong 'yun, ang Diyos, ay itinali si Moises sa kalooban ng Diyos.

159 Ganoon na ganoon ang ginawa Niya kay Pablo. Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Itinali Niya si Pablo; 'yung maliit, na patulis ang ilong, na kung magsalita'y parang laging nanunuya na Judio, oh, na may angking Ph.D. at mga LL.D. na titulo. Pero ang sabi Niya, "Ipakikita Ko sa kanya kung anong babatahin niyang hirap para sa kapakanan ng Salita." Kita n'yo? At siya'y . . .

160 At hayun na nga si Pablo na nakaupo dun at nakikita ang Salita, at nakikita na si Jesus talaga 'yun, kaya naman itinaas niya ang kanyang mga kamay at naitali sa Kanya. Itinali siya ng pag-ibig ng Diyos sa Salita. "Dadalhin niya ang Aking Pangalan sa harap ng mga Gentil." Haya't humayo siya.

161 "Moises, AKO NGA ang Diyos ng iyong mga magulang. AKO NGA ang Diyos ni Abraham, Isaac, at ni Jacob. Naalala Ko ang ipinangako Ko sa kanila, at ang panahon ng pangako ay nalalapit. At nakikita Ko ang paghihirap ng Aking bayan. Naalala Ko ang Aking pangako. At Ako'y bumaba para talian ka. Alam mo ang sinabi ng Salita. At Aking itinatali ka upang magpunta sa dakong iyon, itinali ka sa kapangyarihan, upang magpunta sa dakong iyon at iligtas ang Aking bayan. At dalhin mo ang tungkod na iyan sa iyong kamay, bilang patunay, dahil nakita mo ang himala na naipangyari sa pamamagitan nito." Kagaya nga ni David, sa may tirador. Kita n'yo?

162 Itinali, ang kanyang sarili, at humayo siya. Sa wakas nga'y, nagkaroon ang Diyos ng isang tao na nagpasakop sa Kanya, naitali sa Kanya, at di kikilos hangga't pakilusin siya ng Salita ng Diyos. Kung gagawin lang sana 'yan ng mga tao, ngayon! Mangyari ngang, siya'y magiging bilanggo Niya, isang bilanggo ng pag-ibig, nakapamatok sa tali ng pag-ibig, sa—sa Diyos, kung papaanong si Pablo ay nakapamatok sa tali ng pag-ibig ng Diyos.

163 Katulad ni Pablo, kapwa sila sinanay sa gayunding paraan. Si Moises ay sinanay din, alam n'yo, para iligtas ang mga anak ni Israel sa pamamagitan ng puwersang militar. Si Pablo ay sinanay na iligtas sila palayo sa mga kamay ng mga Romano at palayain sila, sa pamamagitan ng malakas niyang puwersang pangrelihiyon ng mundo sa panahong 'yun. Naglalakihang mga eskuwelahan ng pagsasanay, sa ilalim ni Gamaliel.

164 At kapwa sila nagpunta sa ilang; bumalik na mga binago nang lalaki. Kapwa nila nakita ang Haliging Apoy. At kapwa sila mga propeta. Tama po ba 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kapwa sila, mga propeta. At kapwa sila kinausap nung Haliging Apoy, ganoon mismo ang nangyari, dumating para sa tagapagligtas. Hayun nga sila; nagpunta sa ilang. Iniwan ang kani-kanilang mga sambahayan at nagpunta sa ilang, para alamin. Iniwan ang kani-kanilang sambayanan at lahat na, upang alamin ang kalooban ng Diyos. Kita n'yo?

165 Sila'y sinanay noon sa isang paraan; pero binago sila ng Diyos na maging iba na. At sila'y kinailangan na maging ganap na bilanggo, nang sa gayon hindi sila makakilos sa paraan na nais nilang kumilos, sa halip ay kumilos sa paraan na ninanais ng Diyos para sa kanila na ikilos. Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

166 May sampung minuto pa ba tayo, para ituloy pa 'yung iba rito? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Amen."—Pat.]

167 Mamadaliin ko na itong isang tauhan na lang. Nakikita ko nga ang isang ito sa harapan ko ngayon. Ang pangalan niya ay Joseph. Siya'y hinirang na anak. Ganap na tipo siya ni Jesus Cristo. Ipinanganak siyang propeta. Siya man din ay propeta, rin. Kita n'yo? At hayan nga't nakakakita siya ng pangitain. At noong maliit na paslit pa lang siya, nakakita siya ng pangitain tungkol sa sarili niya na nakaupo sa isang luklukan, at ang mga kapatid niyang lalaki'y nagsisiyuko sa kanya. Kita n'yo? Pero masdan. Siya'y naging. . . Pakiramdam nga niya'y isa siyang dakilang lalaki. Kita n'yo? Lahat sila. . .

168 Pero ano ang minarapat ng Diyos na gawin? Kanya ngang ginawa ang siya ring bagay na ginawa Niya sa iba pa sa kanila. Yamang, si Moises ay isang tagapagligtas, si Pablo ay isang tagapagligtas, at heto nga si Joseph na tagapagligtas. Iniligtas niya ang kanyang sambayanan mula sa tag-gutom.

169 Ano ang minarapat ng Diyos na gawin sa kanya? Inilagay siya sa bilangguan, inilagay siya mismo sa loob ng bilangguan. Siyanga, po. Kung naaalala n'yo, siya'y ipinagbili ng kanyang mga kapatid na lalaki, sa isang taga-Egipto. At ipinagbili nila siya kay Potiphar. At binigyan siya ni Potiphar ng kaunting kalayaan, at, bigla na lang, binawi 'yun sa kanya. At hayun nga siya roong nakaupo na sa bilangguan, umiiyak, umiiyak. Inalis sa kanya lahat ng Diyos.

170 Ngayon pansinin. Pero, sa buong panahon, sa paniwala ko, na siya, ay naroon sa bilangguang 'yun, naaalala niya na ang sabi raw dun sa pangitain ay siya'y mauupo sa isang luklukan, at ang kanyang mga kapatid na lalaki ay yuyuko sa kanya, dahil alam niya na ang kaloob niya ay galing sa Diyos. At alam niya na mangyayari talaga 'yun.

171 Kung magagawa lang sana nating panatilihin 'yan sa isipan natin, at ayon sa Salita ng Diyos, na sa huling mga araw na ito Siya'y magkakaroon ng Iglesya, Siya'y magkakaroon ng mga pinili. At itong mga bagay na ito na Kanyang ipinangako, ay Kanyang tutuparin. Sinabi Niya na gagawin nga Niya, at tayo'y nabubuhay na sa panahon na ito. Heto na tayo. Kanya lamang sinisikap na tayo'y maging tunay na mga bilanggo na ngayon, nakakulong kapisan Niya.

172 Narinig n'yo na 'yung lumang awitin na inaawit-awit n'yo, "At ako'y pipisan kasama ng Diyos"? Nagnanais nga akong makapisan kasama ang Diyos. Ngayon, ito na lamang ang nasa isip ko. Ang makapisan kasama ang Diyos, wala ng iba pa, at ang tanging ikikilos mo ay kapag sinabi ng Diyos na ikilos mo. Gagawin mo lamang ang sasabihin ng Diyos na gawin, at sa ganoon ay nakapisan ka na sa piling ng Diyos.

173 Ngayon tandaan n'yo, siya nga'y naroo't nagbubulay. Siya nga rin ay naging ganap na bigo, mismo. Lahat ng nalalaman niya, lahat ng pagkaunawa niya't, lahat na, doon ay naging ganap na bigo siya. Hindi 'yun nagsiubra. Inilagay siya sa isang situwasyon kung saan wala man lang nakikinig sa kanya. Isa siyang bilanggo. Kita n'yo? Inilagay siya sa isang situwasyon, na 'yung mga di-mananampalataya ay di naniniwala. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin dito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Yung pagmi-ministeryo niya'y niwalang saysay. Ibinabaling ng mga tao ang kanilang ulo palayo. Hindi siya pinagtutuunan ng pansin dun sa loob ng bilangguan. Anong mabuting maidudulot ng kanyang pagmi-ministeryo? Marahil tatayo siya sa may rehas sa preso at mangangaral sa kanila; sila'y magsisilakad lang nang paroo't parito sa kalsada. Kita n'yo? Pero siya nga'y naging bilanggo. At ikinubli siya ng Diyos, na isang bilanggo, hanggang sa dumating na ang tamang tiyempo ng pagpihit ng ruweda. Sabi, "Heto ang Aking tao." Luwalhati! Isang ganap na bigo!

174 Sa wakas, dumating ang Diyos sa kanya dun sa kanyang pagkakabilanggo. Katulad ni Pablo, katulad nung iba pa sa kanila, dumating Siya sa kanya. At ginamit Niya ang kaloob na ipinagkaloob Niya sa kanya, para ilabas siya dun. Ganoon nga. Inilabas Niya siya mula sa kanyang pagkakabilanggo. Anong ginawa niya? Nung pagkalabas na pagkalabas pa lang Niya sa kanya mula sa kanyang pagkakabilanggo, siya'y pinagkalooban ng kapangyarihan ng hari, nung kanyang hari, na siya'y naupo sa tabi nito, kung saan siya'y nagpapasakop. Inilabas siya mula sa bahay bilangguan at binigyan ng kapangyarihan; na anupa't, anumang bagay na kanyang sabihin, ay kailangang matupad. Amen.

175 Sa kanyang pagkakabilanggo, lagi niyang naaalala, na ipinanganak siya para sa isang layunin. Mauupo siya sa tabi ng hari. Lahat silang iba pa ay luluhod sa kanya. Yun ang sinasabi ng pangitain niya sa kanya. Amen. Pero bago matupad nang tuluyan ang kanyang pangitain, kinakailangan niyang maging bilanggo. Amen. At pagkatapos nun siya'y magiging pinuno. At nung lumabas na siya mula roon sa bahay bilangguan niya, at naging bilanggo ng Salita ng Diyos, mangyaring ang tanging masasabi lang niya ay 'yung kung anong ilagay ng Diyos sa kanyang bibig na sabihin, sa ganoon nga kumikilos sa kanya ang Diyos.

176 Pansinin, ang Moises na 'yun ay may kapangyarihan na talian ang mga prinsipe ng Faraon, sa anumang oras na naisin niya. "Kung sasabihin mo sa bundok na ito, 'Malipat ka.'" May kapangyarihan siya na itali ang mga prinsipe ni Faraon. Kahit na sino pa man sila na mga diyakono, o mga presbitero, o sila man ay mga—mga kinatawan ng estado o anupaman sila. Kung sasabihin niya, "Tinatalian ko kayo," at sila nga'y matatali. Ganoon lang. Magagawa niya 'yun sa pamamagitan ng kanyang sariling pagsasalita mismo, sa anumang oras na naisin niya. Amen. Luwalhatiin ang Diyos!

Oh, may tatlong minuto na lang pala ako, haya't tutupad po ako sa sinabi kong oras.

177 Ngayon nasumpungan natin, na siya—siya'y naging isang bilanggo sa Diyos, mula sa pagiging bilanggo ng sanlibutan. Mula . . . kay Pablo, ganoon ding paraan. At si Moises, ganoon ding paraan, mula sa pagiging bilanggo sa kanyang sariling pag-iisip, naging isang bilanggo sa Diyos. At nung makalabas na siya, tinaglay niya ang kapangyarihan ng Diyos. At ganoon din itong si Pablo . . . Maging si Moises sa sarili niyang pag-iisip, kanyang isinuko 'yun, at hinubad ang lahat ng 'yun, naging bilanggo sa Salita ni Cristo. Makakakilos lamang sa tuwing . . .

Sasabihin n'yo, "Cristo ba kamo?"

178 "Inari niyang malaking kayamanan ang kadustaan ni Cristo kaysa sa mga kayamanan ng Egipto." Kaya ibig sabihin siya'y

bilanggo ni Cristo, kung papaanong si Pablo ay ganun din naman.

179 Alalahanin n'yo, lahat silang tatlo ay mga propeta. Kita n'yo? At kinakailangan na mahubad sa kanila ang sari-sarili nilang pag-iisip, upang maging bilanggo sa kalooban at mga kaparaanan ng Diyos.

180 Hetong naalala natin, ngayon, may kapangyarihan siya na magtali, sa pamamagitan ng kanyang sariling pagsasalita. May kapangyarihan siya na magkalag, sa pamamagitan ng kanyang sariling pagsasalita. Magagawa niyang sabihin, "Kinakalagan kita, sa pangalan ng aking hari." Amen. Si Joseph ay ginawa ni Faraon na maging sarili niyang anak.

181 Si Cristo nga'y ginagawa ang Kanyang, mga bilanggo ng pag-ibig, na maging Kanyang mga anak. At binibigyan Niya sila ng kapangyarihan, katulad ng kapangyarihang taglay niya. San Juan 14:12, "Ang sumasampalataya sa Akin," kita n'yo, "ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin din naman niya. Higit pa nga rito ang gagawin niya." Ngayon ang bilanggo ng pag-ibig ni Cristo ay nabigyan ng kapangyarihan ng kanyang Hari, si Cristo Mismo. Amen. "At katotohanang sinasabi Ko sa inyo, kung sasabihin ninyo sa bundok na ito, 'Malipat ka,' at hindi mag-alinlangan sa inyong puso, kundi manampalataya na mangyayari ang sinabi ninyo, ay kakamtin n'yo ang sinabi n'yo. Kung kayo'y magsipanatili sa Akin, at ang Aking Salita ay magsipanatili sa inyo; na kung kayo'y mailagay sa pamatok sa Akin," dahil Siya at ang Kanyang Salita ay iisa. "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos. At ang Salita ay nagkatawang-tao't tumahan sa gitna natin. Siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman! Kung magsipanatili nga kayo sa Akin," hindi *dito* at *doon*, "magsipanatili sa Akin, at ang Aking Salita sa inyo; ay hingin ninyo ang anumang inyong ibigin, o sabihin ang anumang inyong ibigin, ay iyon ang ipangyayari sa inyo." Nagtaglay siya ng kapangyarihan.

182 Ngayon, bago siya makalabas, kinakailangan na dalhin siya sa isang dako at maahitan. Kinakailangan na maahit sa kanya ang ilang mga bagay bago niya makatagpo ang kanyang hari. Kita n'yo?

183 Oh, kung minsan nga'y dinadala ng Diyos ang Kanyang mga tao sa ganoong paraan, at aahitin ang ilan nilang sariling mga kalooban, ipapakita sa kanila na di nila puwedeng gawin ang anumang bagay na basta gustuhin nila. Alam n'yo ang ibig kong sabihin. Sila'y—sila'y walang kalayaan na gawin ang ano mang bagay na basta gustuhin lang nila. Bago sila makadako sa buong kapangyarihan at maging bilanggo ng pag-ibig kay Cristo, kinakailangan na sila'y maahitan muna at pagkatapos ay maiprepresenta na. Kung minsan nga'y dinadala Niya sila sa disyerto, para gawin 'yun, na sila'y maahitan nang lubos. At

pagkatapos iprepresenta na sila, na pinahiran na, para tuparin ang layon na itinalaga Niya para sa kanila. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

Mga kapatid, narito na tayo sa pagtatapos ng panahon.

184 Alalahanin n'yo, sa lahat ng iba pang panahon, ang bagay na Kanyang ginawa. Sa tuwina ay kumukuha Siya ng isang tao at gagawin siyang bilanggo sa Kanya, na talikuran ng tao ang kanyang sarili. Kinakailangan ngang talikuran ng tao ang lahat ng nalalaman niya, kalimutan ang lahat ng pagsasanay niya, lahat, upang malaman ang kalooban ng Diyos, at makasunod sa Diyos.

185 Hindi niya puwedeng sundin ang anumang bagay na gawa ng tao, at sa Diyos din, nang sabay. Labis na magkasalungat ito, sa isa't isa. Hindi ka nga puwedeng papunta sa silangan at kanluran nang sabay. Hindi ka puwedeng papunta sa kanan at kaliwa nang sabay. Hinding-hindi mo puwedeng gawin ang tama at ang mali nang sabay. Hindi mo puwedeng sundin ang tao at ang Diyos nang sabay. Hindi, puwede. Alinman sa ikaw ay sumusunod sa Diyos o sumusunod sa tao.

186 Ngayon, kung ganoon, kung ika'y sumusunod sa Diyos at ipinasakop mo na ang iyong sarili, sa Diyos, sa ganoon nga ay magiging bilanggo ka na sa Diyos na 'yun, sa Salitang 'yun, sa kalooban na 'yun. Anuman ang sabi-sabihin ng iba, ikaw nga'y naging—naging bilanggo na Rito.

187 Pakinggan n'yo po. Nasa pagtatapos na panahon na tayo. At sasabihin ko po ito nang may kataimtiman at paggalang, sa huling dalawang minutong ito na papatapos na. Tingnan n'yo. Ang bagay na gagawin ng Diyos, sa aking opinyon, bagay na gagawin at dapat gawin, at gagawin sa huling mga araw na ito, ay ang maghanap ng kasangkapan para sa pag-ani. Siya'y maghahanap at maghahanap ng kasangkapan, para gumawa sa giikan. Sinumang magsasaka, sa tuwing siya'y magpupunta sa kanyang pag-ani, kinakailangan na may kasangkapan siya na magagamit para gawin 'yun; siyanga namang, may matalim na panggapas siya o kung anuman, kung anong kagamitan, para paghiwalayin ang butil. At ang aanihin ay hinog na.

188 Diyos, Iyo pong kunin kami sa Iyong kamay. Iyo kaming gawin na mga aliping-tali ng Iyong pag-ibig. Iyo pong gamitin kami na maging kasangkapan, para magdala ng pagkatanto sa makasalanan, isinumpang lupa na ito na kinabubuhayan namin ngayon, na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

189 Para sa sarili ko naman, Diyos, itulot Mo na ako'y maging isang bilanggo. Kung tatanggihan ako ng lahat ng mga kapatid ko, kung tatanggihan ako ng lahat ng mga kaibigan ko, nais ko po na maging isang bilanggo ni Jesus Cristo at ng Kanyang Salita, nang sa gayon ako'y maitali sa Kanyang Salita, sa

pamamagitan ng Espiritu Santo, para makita ang Espiritu Santo na pinapatotohanan ang Salita ng Diyos sa pamamagitan ng siya ring mga bagay na sinabi Niya na ipangyayari. Hangad ko po na maging bilanggo ni Jesus Cristo.

Manalangin tayo.

190 Iniisip ko po, ngayong gabi, habang nakayuko ang ating mga ulo, kung 'yung ambisyon na 'yun na tinataglay natin, na maging isang sikat, o marahil isang bagay na pinapangarap natin, isang pansariling bagay, iniisip ko nga kung magagawa kaya nating isantabi ang bagay na 'yan.

191 Iniisip ko nga kung may kabataang lalaki kaya rito, sa gabing ito, ang titingin sa paligid, sasabihin, "Ako'y magiging, sa paglaki ko, ako'y magiging *ganito-ganoon*." Iniisip ko nga kung mararamdaman n'yo ang kalooban ng Diyos na kumikilos sa iyong buhay, at masasabi mo, "Hindi, hindi. Uh-huh. Ako—ako. . . Ang aking mga ambisyon ay naglaho na sa akin ngayon. Dahil nitong huling mga araw, nangusap sa akin ang Espiritu Santo. Nais ko—ko—ko—ko na isuko ang aking sarili sa Diyos, para maging kasangkapang pang-giik sa huling araw na ito."

192 May kabataang babae marahil diyan ang nag-aambisyon na maging bidang tauhan na babae, o—o maging isang maganda't mumunting ginang, o marahil magkaroon ng tagumpay sa Hollywood balang araw, iniisip ko—iniisip ko kung ngayon ba'y may paghahangad kayo na isuko 'yang ambisyon n'yo na 'yan sa Presensya ng Diyos at sa Kanyang Salita, pakinggan ang pagtawag ng Diyos sa inyong buhay. Nakikilala nga kayo ng Diyos.

193 Iniisip ko po kung may ministro rito sa malapit, o isang lingkod, isang manggagawa sa iglesya. Nakapupunta lang po ako rito, paminsan-minsan. Hindi ko—hindi ko kakilala ang sangkatlo ng mga taong nakaupo rito, ngayong gabi, pero ako po. . . sa kakaunting mga narito ngayon. Iniisip ko po kung may tao kaya rito, na may pagnanais sabihin, "Hindi ko alintana anuman ang sabi-sabihin ng iba. Ako'y alipin na ngayon ng Diyos. Aking—aking—aking ipapangaral ang Kanyang Salita, ano't anuman. Hindi ko alintana maski, talikuran pa ako ng aking—aking organisasyon, mananatili't mananatili ako dun sa Salita. Akin—akin 'yung gagawin. Ang kalooban ko ay ang kalooban ng Diyos. Ang kalooban ng Diyos ay kalooban ko. Ako'y magiging bilanggo kay Jesus Cristo. Sa pamamagitan ng Kanyang biyaya at tulong, gagawin ko 'yun."

194 Pagbulayan n'yo po 'yun, habang nakayuko ang ating mga ulo. Ilan po rito ang may ganung ambisyon, ngayong gabi? Itaas n'yo po ang inyong kamay. Ganun din po ang aking ambisyon, siyanga. Isinusuko ko ang lahat. Habang nakayuko ang ating mga ulo, unti-unti po ngayon, habang pinagbubulay-bulay n'yo itong maigi ngayon, habang nananalangin kayo.

I surrender all,
I surrender all,
All to Thee, my blessed Saviour,
I surrender all.

I surren-. . .

195 Taos-puso na ba ito sa inyo ngayon? "Nais kong maging bilanggo na.

I. . .

Kunin Mo po ako, Panginoon. Dalhin Mo po ako sa bahay ng Magpapalayok, ngayong gabi. Pagpira-pirasuhin Mo po uli ako, at Iyo po akong ihulma uli. . .?. . ."

. . . to Thee, my blessed Saviour,
I surrender all.

196 Makalangit na Ama, habang patuloy na tumutugtog ang awit, iniisip ko po na malaking kapakinabangan sa mga oras na ito, na ako—ako'y mangungusap lamang sa pagitan ng awiting ito at makikipag-usap sa Iyo nang kaunting sandali. Habang nagbubulay ang mga tao, "Aking isinusuko ang lahat," Ama, nawa po'y magawa namin ito, na para bang ito na ang pinaka huling pagkakataon na magagawa namin ito. Iyo pong itulot na kami'y makalapit nang may sinseridad, makadulog sa dulang ng Panginoon, nang matapat, na may mga kasuotang malilinis na, malilinis na mga kaluluwa, malilinis na layon, malilinis na mga ambisyon, upang isuko ang aming mga sarili.

197 At nawa kunin ng Diyos ang Kanyang Salita, idugtong kami sa pamatok na magkakasama Roon, sa Salita ng Diyos. At nawa ang Espiritu Santo'y kunin na kami ngayon, habang naririnig namin ang pagkandado ng pamatok sa palibot ng aming mga puso na, "Mula sa gabing ito, kukunin Kita sa iyong paghahayag. Ngayon huwag ka nang mag-isip gamit ang sarili mong pag-iisip. Isipin mo na ang Aking mga pag-iisip. Isipin mo ang Aking kalooban. Akin kang pangungunahan." Diyos, Iyo pong ipagkaloob na ito'y maging karanasan sa bawat isa sa amin.

198 Heto po ang mga kabataang nakaupo rito; mag-asawang lalaki't babae; at may iba rin na nalalapit nang maging mag-asawang lalaki't babae. May mga matatandang kalalakihan na nakaupo rito ngayon, na mga ministro, humahayo sa daan. At, Panginoon, narito rin po si Kapatid na Neville, maging ako, na papataas na nang papataas sa hagdan. Ang mga araw namin ay nabibilang na ngayon. May pag-iingat na sa bawat hakbang namin kumpara sa paghakbang namin noon. Iniingatan namin kung saan kami hahakbang. Ang mga paa po namin ay di na ganoong kaliksi, sa pisikal na pananalita, di tulad nung dati. Pero, Panginoon, habang nakikita namin ang mortal na buhay na papalaho na, at wala ni isa sa aming mga hakbang ang may katiyakan kung wala Ka na inaalalayan kami sa aming kamay.

199 Ngayon, Diyos, kunin Mo kami, kung mamarapatin Mo po? Kunin Mo ang aming mga puso at ang aming mga kalooban sa Iyong Sarili mismong kamay, at itulot kami na maging mga bilanggo, ngayong gabi, sa Salita, kay Cristo. Nawa kami'y makapamuhay ng maka-Diyos na pamumuhay rito. Nawa ang mga kababaihan na ito, ang mga kabataang kababaihan na ito, kabataang kalalakihan na ito, mga kabataang lalaki't babae, kanila pong maisuko ang kanilang buhay, Panginoon. At nawa ang kanilang ambisyo'y maging ambisyon na makapaglingkod kay Jesus Cristo. At ipangyari sa amin na kami'y maging bilanggo ng Kanyang Makalangit na biyaya at kalooban. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

200 Ito lamang po ang alam kong magagawa ko, Panginoon. Ito pong kakaunti't paputol-putol na pananalita, at ako—ako po ay umaasa na Iyong pagdudugtung-dugtungin ang mga ito para maglakip, nang wasto. Dahil na rin po, sa mainit po dito, at nagnanais naman ang mga tao na makapakinig, subalit mainit lang po talaga. At marami ang kinakailangang makauwi agad at papasok pa sa trabaho nang maaga. Pero ang mga binhi na 'yun ay nawa'y maipunla sa kanilang puso, "isang bilanggo."

201 Na sa pag-uwi nila at sasabihin nila sa kanilang asawang babae, habang sila po'y . . . bago sila maghandang lumuhod at manalangin, sa hapon na ito, o sa gabing ito, sa tabi ng kama nila, titingin sila sa isa't isa, sasabihin, "Mahal, anong naiisip mo tungkol dun sa bagay na 'yun, ngayong gabi? Tayo ba'y naging mga bilanggo na kay Cristo at sa Kanyang kalooban, o—o kumikilos pa rin tayo sa sarili nating kalooban?"

202 Nawa ang mga kabataang lalaki't mga kabataang babae, sa lahat ng dako, lalong-lalo na sa mga nakapakinig sa Mensahe, ngayong gabi, tanungin nila ang kanilang mga sarili nung siya ring katanungan na 'yun, "Ako ba'y nakahanda nang maging bilanggo na ngayon, na itatakwil ko ang sarili kong buhay?"

203 "Ang sinumang nagnanais mailigtas ang kanyang buhay ay mawawalan nito, ngunit ang sinumang mawalan ng kanyang buhay dahil sa Akin ay makatatagpo nito." Ama, nalalaman namin, na ang ibig sabihin nito'y: maging bilanggo Mo, iwaglit ang sarili naming mga ambisyon at sarili naming mga hangad, para masumpungan ang sa Iyo, at sa ganoon ay may Walang Hanggang Buhay kami. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

204 Ang tanging bagay na nalalaman ko, ay ang itagubilin na ngayon ito sa Iyong kamay. At nawa po'y magbunga ito nang lubos at magbunsod ng dakilang—dakilang mga kasangkapan para sa huling-araw na pag-ani, mga kalalakiha't kababaihan, mga kabataang lalaki't kabataang babae, na sumuko sa ganap na kalooban ng Diyos, at maging mga bilanggo ni Jesus Cristo, sa Kanyang pag-ibig, nagagapos ng tanikala ng Makalangit na pag-ibig ni Cristo. Hinihiling namin ito sa Kanyang Pangalan.

I surrender all,

Magsitayo tayo.

I surrender all,
All to Thee, my . . . ? . . .

205 Sabihin lang po natin 'yun uli, habang nakapikit ang ating mga mata't nakataas ang ating mga kamay.

I surrender all,
I surrender all,
All to Thee, my blessed Saviour,
I surrender all.

206 Ngayon, maaari lang pong iyuko natin ang ating mga ulo, at bago natin awitin ang pagtatapos na awitin, na *Take The Name Of Jesus With You*, hinihiling ko po sa—sa kapatid na lalaking ito rito . . . Nakalimutan ko lang ang pangalan niya. Nagpatotoo nga ang isang kapatid na babae tungkol dun sa pangitain ng kadiliman na lumililim, na pinagaling po. At kung matatandaan n'yo, nung nilingon 'yun, nawala na 'yung tabing. Yung pananampalataya niya ang nagbunsod nun. Heto nga't isara mo na ang gawain natin sa pananalangin, kung maaari, kapatid na lalaki? At humiling ka ng mga pagpapala ng Diyos para sa atin.

ISANG BILANGGO TAG63-0717
(A Prisoner)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Miyerkules ng gabi, Hulyo 17, 1963 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org